**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume II, Issue I**
**August 2020**
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*
****************************************************************************************************

# PAGTANGGAP SA PAGKAMABISA NG WORKTEKS SA MGA PILING KABANATA NG NOLI ME TANGERE

**AMOR ODCHIMAR MARGIN**
**Teacher III**
Alaminos Integrated National High School – DepEd SDO Laguna
katalizta29@gmail.com
09484278238

**ABSTRAK NG PAG-AARAL**

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa ebalwasyon sa pagiging mabisa ng workteks mula sa piling kabanata ng Noli Me Tangere para sa Filipino 9.

Nagsagawa ng pagsusulit na pre-test at post-test upang makita ang level ng performance bago at pagkatapos gamitin ang workteks. Ginamit sa pag-aaral ang descriptive na pamamaraan na naglarawan ng mga proseso sa pananaliksik. Ang mga nagsilbing tagasagot sa pag-aaral ay ang sampong (10) guro sa asignaturang Filipino at walumpo (80) na mag-aaral sa grade 9 ng Alaminos Integrated National High School sa Alaminos, Laguna.

Sa walumpong (80) mag-aaral na tagasagot, lahat ay nakakuha ng markang 74 pababa sa pre-test samantalang matapos gamitin ang workteks naging matataas ang marka ng mga tagasagot sa isinagawang post-test. Marami sa tagasagot ay nakakuha ng markang 90 pataas. Ito ay nangangahulugang mabisa ang binuong workteks ng mga piling kabanata sa Noli Me Tangere.

Batay sa naging resulta ng ebalwasyon ukol sa pagtanggap sa kabisaan ng workteks, ang sampung guro at walumpong mag-aral na tagasagot ay "lubos na sumasangayon" sa kabisaan ng workteks na sinukat ayon sa pamantayang layunin, nilalaman, gawain at pagtataya. Ito ay nagpapakitang ang laman ng indikeytor sa pag-eebalweyt ng kagamitang pampagkatuto ay mga katangian na makikita sa workteks.

Sa ginamit na T-test para sa makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga mag-aaral, ang haypotesis ay di-tinanggap na nagsasabing may makabuluhang pagkakaiba sa performans lebel ng mga mag-aaral na tagasagot sa pre-test at post-test.

Sa ginamit na Independent Sample Test sa pag-eebalweyt ng mga mag-aaral at gurong tagasagot, lumabas na walang makabuluhang pagkakaiba sa ayon sa pamantayan.
****************************************************************************************************

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************

Ito ay nangangahulugang iisa ang pananaw ng mga tagasagot sa pag-eebalweyt ng workteks bilang isang kagamitang pampagtuturo. Mabisa ang inihanda at ginawang workteks ng guro dahil saklaw nito ang mga inidikeytor na nakapaloob ayon sa mga pamantayan. Batay sa kabuuang pagsusuri, ang mga indikeytor sa pamantayang nabanggit ay lubos na sinasang-ayunan ng mag-aaral at gurong tagasagot sapagkat ito ay nakikita nilang katangiang taglay ng workteks.

## KABANATA I
## ANG SULIRANIN AT SANLIGAN NITO

### Panimula

Ang nobelang Noli Me Tangere ay ang pinakamaimpluwensyang akda sa kasaysayan ng Pilipinas sapagkat ito ang nagmulat sa Pilipino upang maghimagsik laban sa mga Kastila. Ito rin ang naging daan upang mabatid ng Hari ng Espanya ang mga katiwaliang ginagawa ng mga prayle sa mga Pilipino. Ang nobelang ito ay nabigyan ng pagpapahalaga dahil sa Batas Rizal noong 1956 kung saan nakapaloob ang Republic Act 1425 na nagtatalaga na isama sa lahat ng kurikulum ng mga paaralan ang pagpapahalaga sa pambansang bayani.

Kaugnay sa pagbibigay halaga ay ang pagpapabasa sa madla ng ilan sa kaniyang mga nobela tulad ng Noli Me Tanger at El FIlibusterimso. Sa kadahilanang ito, nagkaroon ng malaking espasyo sa pagpapasalin ng kanyang mga nobela upang mapalawak ang babasa at tatangkilik sa mga nobelang ng pambansang bayani. Malinaw ang layunin ni Rizal sa pagsulat ng nobela. Nais niyang ilarawan ang kalagayan ng bayan nang buong tapat at walang pangingimi. Sa pagkasangkapan ng imahen sa lambong na “tumatabing sa karamdaman,” sinikap na ibunyag ni Rizal ang mga pagdurusa ng kaniyang bayan. Sa buod ng mga kabanatang ito sa nobela, mamamalas ang ganitong pagtatanghal ng kalagayang-bayan, lalo na ang paghahari ng iilan sa mga sangay ng lipunan.

Nagbigay ng katanungan si Joey Vargas, isang artist, sa isang panayam para sa dokumentaryong pinamagatang “Ang Tao sa Piso” mula kay Matt Baguinon, kung gaano kagaling ang mga guro na nagtuturo tungkol kay Rizal ngayon? Dahil kung magagaling silang nagtuturo tungkol sa kanya, mapupunta sila sa usapin ng pagmamahal sa bansa. Kung maging magaling ang mga guro, tiyakna makaka-impluwensya si Rizal sa mga kabataang

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

mag-aaral. Subali't kapansin-pansinna sa kabila ng patuloy na pagsasama ng mga aklat na Noli Me Tangere at El Filibusterismo sa kurikulum ng pagaaral hindi pa rin makita ng lubusan ang impluwensya nito sa mga kabataan.

Maraming guro at paaralan sa buong Pilipinas ang maayos na nagpapatupad ng Batas Rizal. Subalit, sa kabila ng napakahabang panahon ng implementasyon nito, nagtagumpay nga ba kaya ang Batas Rizal na maipunla sa bawat isa ang pagmamahal sa ating bayan? Nakikita ba ang pagmamahal at pagmamalasakit ng mga Pilipino sa kanilang bayan? Nagkaroon ba ng nasyonalismo? Ilang mga layunin ang binuo upang higit na maunawaan ang kahalagahan ng pagkalikha ng Batas Rizal, isa dito ay ang muling pagbuhay sa kahalagahan ng kalayaan at nasyonalismo kung saan ang ating mga bayani ay nag-alay ng kanilang mga buhay para sa kalayaan ng bayan. Sa tulong ng batas na ito, maipa-paalala sa bawat mamamayang Pilipino ang makasaysayang pagdanak ng dugo at pag-aalay ng buhay ng ating mga bayani na maaaring magsilbing inspirasyon sa bawat isa sa pagtulong sa pagpapatayo ng isang bansang matagumpay. Pangalawa, ito ay upang bigyang parangal ang ating pambansang bayani na si Dr. Jose P. Rizal at ipaalala sa bawat Pilipino ang kanyang mga nagawa, naipaglaban at kontribusyon para makamit ang kalayaan ng ating bayan. Ito ay magsisilbing paalala sa lahat ng ating mga responsibilidad bilang isang Pilipino, lalong-lalo na sa mga kabataan ng makabagong milenyo. Pangatlo, ay upang magsilbing inspirasyon sa kabataang Pilipino na ayon sa ating pambansang bayani ay siyang pagasa ng bayan.

**Kaligiran ng Pag-aaral**

Sa pagbabago ng sistema ng edukasyon ang pagpapatuloy na pagtuklas ng mabisang pamamaraan at istratehiya sa pagtuturo ay higit na kailanganang bigyang pansin. Upang makiayon sa modernong panahon, kinakailangan ring maging progresibo ang kagamitang pampagtuturo upang di mawala, manatili at di makalimutan ng mga kabataang itinuturing ni Rizal na pag-asa ng bayan ang mga gintong aral sa kanyang nobela.

Ayon kay Dominguez (2010) ang guro ay tagahubog ng mamamayang bubuo sa isang progresibong bansa at ang maging epektibong guro ay hangad ng bawat isang edukado para sa paglinang ng kakayahan at kaalaman ng mag-aaral. Sinabi rin niya na inilahad ni Barret ang mga kasanayang makakalinang sa pag-iisip ng mga mag-aaral tungo sa kritikal na pag-

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

iisip, pagkaunawa sa konsepto o nilalalman, paglalahat o pagbubuod, pagsusuri, pagkilala ng sanhi at bunga ng lohikong paghihinuha, pagsang-ayon at pagsalungat, pagpapansin sa kaugnayan ng bahagi sa buo o sa bahagi, paglutas ng suliranin, lohikong pagpapahayag at paggamit ng tuntunin sa ibat ibang kalagayan sa buhay.

Sa pag-aaral naman na ginawa ni Caneles (2007) binanggit niya ang pahayag ni Santiago, na nakasalalay sa wasto at maayos na pag-akay at pagpatnubay ng mabuting guro ang mabuting pagkilala ng mag-aaral sa tunay na mensahe ng mga akdang pampanitikan.

Sa ngalan ng batas, ang pagsunod sa mga pariralang "public domain" sa pagbuo, pagbibigay-interpretasyon at pagpoproduksiyong muli ng mga lumang artistikong bagay ay laging ligtas sa anumang katungkulan, tungkulin o responsibilidad ng mga nagbibigay-kabuuan, naglalapat ng ibang interpretasyon at pagganap sa bagong poduksyon ng mga nakaraang likhang-sining mga ilang taon o dekada na ang nakakaraan. Napakaluwag at napakasuwerteng situwasyon ito para sa mga kasalukuyang henerasyon sa pagbuong muli ng nakaraang obra, nakasulat man o hindi.

Nakasaadsa batas na ang anumang dokumentong pinaglipasan na ng panahon, halimbawa'y limampu o higit pang taon, at naisipang kutingtingin muli o bigyan ng makabagong pananaw ay hindi na kailangang humingi ng pahintulot sa pagbabagong-anyo nito kundi man paglalaman ng ibang nilalaman. Tulad ng mga akda ni Dr. Jose P. Rizal na "Noli Me Tangere" at "El Filibusterismo," mga nobelang sinulat ng awtor noong kanyang kapanahunan noong mga 1800s. Kung pagbabatayan ang pagka-public domain nito sa loob ng takdang panahon na nakasaad sa batas, talagang hindi na nga pagmamay-ari ito ni Rizal kundi ng lahat ng tao na sa buong daigdig.

Di maitatatwa ang katotohanan na walang anumang kagamitang panturo ang makapapalit sa isang guro ngunit makatotohanan ding ang mabuting guro ay gumagamit ng kagamitang pampagtuturo tungo sa mabisang pagtuturo at pagkatuto.

Ang pagpapaunlad ng kagamitang panturo ay nakatutulong para punuan sa pagtulong ang kalidad ng pagtuturo. Ito ayang paraan ng guro sa loob ng klase na ipaliwanag lalo na sa paghawak at pagsasabi ng kanilang aralin at sa oras na ang mag-aaral ay mahigitan at

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************

makuha ang impormasyonng sinabi at natutunan ng hindi direktang nagsabi sa guro lamang. Ang mag-aaral na maiingganyo sa pansariling kagamitan o pag-aaral ng pansarili lamang. Ang paraan ng mabilis na paagkatuto na nakakatulong sa pansariling pag-aaral , interactive modules at ang isang maayos na pangkat na gumgawa ay nakatutulong sa pagkatuto at pagiging tagumpay.

Binanggit ni Conti (2011), ang pahayag ni Guaman et al. (2000) na sa paghahanda ng kagamitang pampagtuturo ay kailangang isa isip ng guro ang ilang simulain na makakatulong sa kanya. Sa pagsisimula pa lamang ng pagtuturo ang pagkawili at pagkagiliw ng mga mag-aaral ay nadarama agad sa mga kagamitan sa pagtuturo na ginagamit ng guro kaya kailangang pagsiakapan ng mga guro ang pagkatuto at pagkalugod sa mga pantulong.

Karagdagan sa iminungkahi ni Waters at Natchison (2002) ang mga sumusunod na katangian ng mabisang kagamitan sa pag-aaral (1) Kagamitan na nagbibbigay ng pagpapalakas sa natutunan Ang magandang kagamitan ay itinuro. Ito ay nakahihikayat na matuto. Ang magandang kagamitan ay nagbibigay ng paraan para magkaroon ng interasadong mensahe, masayang gawain ang kasama ng kapasidad ng pagkatuto , pagkakaroon para sa mga nais matuto na ilabas ang kanilang kaalaman at kakayahan at nilalaman na kung saan ang natututo at ang guro ay magkatugma (2) kagamitan na tumulong para makilala ang paraan ng pagkatuto sa paraang pagbibgay ng landas tungo sa mahirap na gamit na matutututuhan. Ang tamang kagamitan ay magbibigay ng malinis at madaling maunawaang basehan na gagabay sa guro at mag-aaral tungo sa ibang gawain na magbibigay ng malaking daan tungo sa pagbabago ng pagkatuto. Sa kabilang banda, ang kagamitan ay hindi dapat masyadong maayos. Ang pundasyon para makabuo ng isang mapurol na basehan ng mga aralin, iwasan ang pagsasama-sama na nagiging parehas ang bawat isa, na parehas ang tipo ng mensahe, parehas na klase ng paglalarawan parehas na klase ng mga gawain.

Ayon kay Goodman sa aklat ni Mabilin (2012), ang pagbasa ay itinuturing na psycholinguistic game sapagkat mula sa pagbabasa ang isip ng tao ay gumagana na nakabubuo ng kaalaman o impormasyonmula sa nabasanyang babasahin. Mula dito nalilinang ang kakayahan sa pagbasa gayundin ang paraan ng pagsulat dahil sa kaalaman na nakuha natin sa pagbabasa.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

Binanggit din sa aklat ni Mabilin (2012) si Mcwhorter na nagsabing ang pagbasa ay susi ng tagumpay ng isang tao lalo na sa larangan ng akdemiko.

Sa aklat ni Arrogante (2003) ayon kina Urguhart at Weir na ang kasanayan sa pagbasa ay isang proseso ng pagtanggap at paglalahad ng pakahulugan mula sa impormasyong nakalap mula sa binasang akda o babasahin na nakalimbag sa anyo ng wika.

Ipinahayag ni Eustaqio (2006) sa pag-aaral ni Fandialan na ang pagbasa ay pandayan ng lahat ng kasanayang pagkatuto. Kapag ang mag-aaral ay nabigong matutunan at maunawaan ang batayang kasanayan, kalian man ay hindi mapagtatagumpayan ang matutuhan ang ilang disiplinang kailangang pag-aralan. Kaya para pinagkaitan natin ng pagkakataon na maging kapaki-pakinabang sila sa lipunan kung hindi matuto na bumasa at sumulat.

Ayon kay Faldas (2005) ang kagamitang pampagtuturo ay isa sa mga pangunahing pangangailangan sa larangan ng edukasyon para sa madali, mabilis sa mabisang pagkatuto. Ito ay isang paraan at katugunan sa sama-samang suliranin ng edukasyon kung paano mapataas ang pamantayan ng pagtuturo, paano mapababa ang halaga ng edukasyon at paano malulunasan ang kakulangan ng guro at silid-aralan upang mas makatanggap pa ng maraming bilang ng mga mag-aaral sa paaralan.

**Balangkas Teoretikal**

Ang pagsasaliksik na ito ay nakasandig sa mga teorya ni Tomlinson (2003) at Richards (2001). Ang unang ***Teorya sa Pagkatuto at Pagtuturo*** ni Tomlinson ukol sa pagkatuto at pagtuturo sa mga mag-aaral. Ito ay ang mga sumusunod: Nagiging matagumpay ang mga mag-aaral ng wika kung ang pagkatuto ay isang karanasang positibo, relaks, at nakawiwili; Ang mga guro ng wika ay nagiging matagumpay sa pagtuturo kung nagiging kasiya-siya sa kanila ang kanilang gampanin bilang guro maging ang mga kagamitang panturong ginagamit; Nawawalan ng tiwala ang mga mag-aaral sa mga kagamitang panturo kung nahahaka nilang hindi ito pinahahalagahan ng kanilang guro; Iba-iba ang mga uri ng mag-aaral sa loob ng klasrum kung ang pag-uusapan ay ang kanilang personalidad, motibasyon, pag-uugali, kakayahan, karanasan, interes, pangangailangan, kagustuhan, at estilo ng pagkatuto; Sa bawat araw ay nag-iiba-iba ang motibasyon, pag-uugali, pangangailangan at kagustuhan, at

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume II, Issue I**
**August 2020**
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*

kasiglahan ng mga mag-aaral; Magkaiba ang kultura ng mga mag-aaral (ang pagkakaibang ito ay marapat na igalang at tugunan) subalit mayroong unibersal na paraan para sa matagumpay na pagtuturo at pagkatuto; Ang matagumpay na pagtuturo ng wika sa klasrum (lalo na sa malalaking klase) ay nakadepende sa pagpapanatili ng kasiglahan ng mga mag-aaral; Natutuhan lamang ng mga mag-aaral ang mga talagang kailangan nilang matutuhan at ang mga nais nilang matutuhan; Ang mga mag-aaral ay nakapagkukuro, nakapagsasalita, nakapag-iisip kung binibigyan sila ng karanasan o maging ng teksto kung saan kailangan nilang magbahagi ng pananaw o opinion; Ang mahalagang gamit ng mga kagamitang panturo ay yaong nakatutulong upang magamit ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa loob ng klasrum sa kanilang pang-araw-araw na buhay; Ang pinakamahalagang resulta ng paggamit ng kagamitang panturo ay yaong kinasasangkutan ng emosyon ng mga mag-aaral. Nakapagbubunsod ng pagkatuto ang tawa, kasiyahan, kasabikan, kalungkutan, at galit.

Sang-ayon sa teoryang ito ni Tomlinson masasabing magkakaugnay ang pagtuturo, pagkatuto, karanasan, at kagamitang panturo sa ikapagtatamo ng karunungan ng mga mag-aaral. Ang mga karanasang kinasasangkutan ng mga mag-aaral sa loob ng klasrum ay may malaking epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pagkatutong ito ng mga mag-aaral ay magagamit niya sa kanyang buhay sa labas ng akademya.

Ang pangalawa ay ukol sa ***Teorya sa Mga Katangian ng Kagamitang Pampagtuturo*** na binaggit ni Richards (2001)na ang mga katangiang marapat na taglayin ng mga kagamitang panturong ginagamit ng guro sa loob ng klasrum. Ayon sa kanya ito ay ang mga sumusunod: Nakapagbibigay sa mga mag-aaral ng mga bagay na matutuhan sa aralin; Nakapagtuturo sa mga mag-aaral ng mga bagay na kanilang magagamit; Nakapagbibigay sa mga mag-aaral ng esensya ng tagumpay; Nakapagsasanay sa mga mag-aaral na matuto nang may kasiya-siya at sa makabagong at epektibong paraan; Nakapagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magamit ang kanilang natutuhan mula sa loob ng silid-aralan patungo sa labas ng paaralan; Nakapagbibigay sa mga mag-aaral na masuri at mailapat ang kanilang mga natutuhan. Ayon kay Richards malaki ang kaugnayan ng mahusay na kagamitang panturo sa paglinang ng kaalaman ng mga mag-aaral. Ang mga kagamitang panturo ay pangunahing sandata ng guro upang mabisang mapangunahan ang aralin.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

Ang prinsipyong ito ni Richards ay sinusugan ni Tomlinson (2001). Binanggit niya na:Ang kagamitang panturo ay marapat na nakatutulong sa paghubog ng kamalayang kultural ng mga mag-aaral.; Ang mga kagamitang panturo ay marapat na nagbabadya ng paggamit ng wika ayon sa konteksto; Ang mga kagamitang panturo ay marapat na nakatutulong sa mga mag-aaral na matuto sang-ayon sa kung paano gagamitin ang wika; Ang mga kagamitang panturo ay marapat na makatutulong upang ihanda ang mga mag-aaral sa mga paksang tatalakayin; Ang mga ihahandang kagamitang panturo ay kinakailangang nakahihimok sa mga mag-aaral na makisangkot sa mga gawaing pangklasrum.

Ipinunto ni Tomlinson na mahalagang ang mga kagamitang gagamitin ng mga guro sa pagtuturo ng wika ay yaong nakatutulong upang mapagkuro ng mga mag-aaral ang esensya o tunay na gamit ng wika sa kapaligirang kanyang kinabibilangan. Mahalaga rin aniya na ang mga kagamitan ay yaong nakahihimok sa mga mag-aaral na magkaroon ng aktibong pakikisangkot sa mga gawaing pangklasrum.

Ang isa pa ay ***Teorya sa Pagtataya ng mga Kagamitang Pampagtuturo.*** Mahalagang mataya ang kabisaan ng anumang kagamitang panturong ginagamit ng guro.Sa pamamagitan nito ay mapagbubuti pa ng guro ang kung anong kagamitang kanyang ginagamit. Ang depektibo o hindi mabisang kagamitang panturo ay isang malaking pag-aaksaya ng panahon at gawain. Ang hindi mabisang kagamitang panturo ay makapagbubunsod ng hindi mabisang pagkatuto. Si Tomlinson (2003) ay nagtala ng mga katangiang marapat na taglayin ng mga kagamitang panturo na ginagamit sa loob ng klasrum. Ito ay magsisilbing gabay sa pagtataya ng mananaliksik ukol sa kabisaan ng workteks na kanyang bubuuin. Ito ay ang mga sumusunod:Ang hatak ng mga kagamitang panturo sa mga mag-aaral;Ang kredibilidad ng mga kagamitan sa mga mag-aaral, guro, at administrador;Ang baliditi ng mga kagamitan (hal. Ang mga paksa ba ay angkop na ituro?); Ang pagiging mabisa ng mga kagamitan (hal. Kapag ginamit ba ito sa iba't ibang pangkat ng mag-aaral parehas pa rin ba ang epekto nito?);Ang kakayahan ng kagamitang pukawin ang interes ng mga mag-aaral at guro;Ang kakayahan ng kagamitang ganyakin ang mga mag-aaral;Ang kahalagahan ng mga kagamitan ukol sa madaling pagkatuto;Ang kahalagahan ng mga kagamitan ukol sa pangmatagalang pagkatuto; Ang pananaw ng mga mag-aaral ukol sa kahalagahan ng kagamitan; Ang pananaw ng mga guro ukol sa kahalagahan ng kagamitan; Ang naibibigay ng

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume II, Issue I
August 2020
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*


mga kagamitan sa pag-unlad ng kaalaman ng guro; Ang kaangkupan ng kagamitan sa kurikulum.

Maraming mabubuting madudulot ang paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo. Nagbibigay ito ng kongkretong pundasyon sa pagkatuto na nagbubunga ng wastong gawi sa pag-aaral. Nakagaganyak ito sa kawilihan ng mga mag-aaral. Nagbibigay ito ng mga tunay at iba't-ibang karanasan tungo sa pagkakamit ng kasanayan at pagkakaroon ng patuloy na interes sa pag-aaral. At nagdudulot ito n mabisa, kawili-wili, madali at magaan sa pagtuturo at pagkatuto. Ngunit hindi sapat na may magagamit nakagamitang pampagtuturo ang isang guro kundi kailangang alam nyang gamitin ang mga ito at alam niya kung kailan ito gagamitin.

Makatutulong nang malaki ang pagsasagawa ng mga awtenikong pagtataya tulad ng pagsasagawa ng mga gawaing pangkomunikatibong aktwal na nangyayari sa totoong mundo o sa totoong buhay, pagbuo ng malikhain at makabuluhang pagpapahayag gamit sa wika sa tula, maikling kwento, sanaysay, pagtatanghal, fliptop, pick-up lines, hugot lines ulat, e-mail, Facebook post, blog, diyalogo o dula-dulaan, videotape, at iba pang gawaing lilinang sa kakayahan nilang makipagtalastasan.

Kung ganito ang magiging kalakaran sa pagkatuto ng wika sa mga silid-aralan, makatutulong ito upangmakalinang ng mga Pilipinong may kakayahang komunikatibo na handa sa mga hamong dala ng buhay sa ikadalawampu't isang siglo. Upang maabot ang rurok ng pagkatuto ay kinakailangan nang higit na partisipasyon mula sa mga mag-aaral sa mga gawaing makalilinang ng makrong kasanayan. Ayon kay Cantal-Paglinaw (2010) "Ang mahusay na klasrum pangwika ay yaong may aktibong interaksyon sa pagitan ng guro ang nagsisilbing tagapatnubay lamang sa iba't-ibang gawain sa klasrum at ang mga estudyate naman ay aktibong nakikilahok sa iba't ibang gawaing pangkomunikasyon. Sa interaksyon ng mga estudyante sa kapwa estudyante, kailangang bigyan sila ng pantay na pagkakataong makilahok sa iba't ibang gawain upang malinang ang kani-kanilang kakayahan."


**Balangkas Konseptwal**

Ang mga nabanggit na balangkas teoretikal sa unahan ay mga batayan sa kung paano isasagawa ang pananaliksik na ito. Mula dito, ang balangkas konseptwal ng pag-aaral ay nabuo ay makikita sa susunonod na pahina.


**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume II, Issue I
August 2020
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*

**Paradima ng Pag-aaral**




**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

**Paglalahad ng Suliranin**

Nilalayon ng pag-aaral na ito na makapaghanda at makapagtaya ng isang workteks sa mga piling kabanata ng Noli Me Tangere

Sa pag-aaral na ito, binigyan ng kasagutan ang mga sumusunod na katanungan.

1. Ano ang performans lebel ng mga tagasagot sa paggamit ng workteks batay sa pre-test at post-test?
2. Ano ang ebalwasyon ng mga guro at mag-aaral na tagasagot sa workteks batay sa sumusunod na pamantayan?
   2.1 layunin
   2.2 nilalaman
   2.3 gawain, at
   2.4 pagtataya?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga tagasagot sa kanilang pre-test at post-test?
4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa ebalwasyon ng mga guro at mag-aaral natagasagot sa workteks batay sa sumusunod na pamantayan?
   4.1 layunin
   4.2 nilalaman
   4.3 gawain,at
   4.4 pagtataya?

**Hinuha ng Pag-aaral**

1. Walang makabuluhang pagkakaiba ang performans ng mga tagasagot sa pre-test at post-test.
2. Walang makabuluhang pagkakaiba ang ebalwasyon ng mga guro at mag-aaral na tagasagot sa workteks.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume II, Issue I
August 2020
Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com
*********************************************************************************************************

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

**Para sa mga mag-aaral.** Mahalaga ang pag-aaral na ito sa panig ng mga mag-aaral ng ika-siyam na baitang upang matugunan ang pangangilangan nila sang-ayon sa mga nakalatag na kompetensi ng Kurikulum ng K-12. Sa pamamagitan ng mabubuong workteks ng pag-aaral na ito magiging kawili-wili at kasiya-siya ang pag-aaral ng mga mag-aaral sapagkat sa bawat kabanata na galing mismo ang gagamiting teksto o babasahin. Inaasahang mapupukaw sa kanila ang pagmamalaki sa sariling bayan, kultura, tradisyon, panitikan at pagiging mulat sa pagbabago sa kalalagayang panlipunan. Magiging madali rin ang kanilang pag-aaral sapagkat ang mga kabanata ay nakabuod upang higit na maunawaan ang aral na nakapaloob dito. Ang mga pagsasanay at gawaing matatagpuan sa workteks ay inaasahang makatutulong sa mga mag-aaral na magpaliwanag, bumuo ng interpretasyon, mailapat ang natutuhan, bumuo ng sariling pananaw, dumama at umunawa sa damdamin ng iba, at kumilala sa sarili. Ito ay bilang pagtugon na magkaroon ng kapakipakinabang na letirasi ang mga mag-aaral.

**Para sa mga guro.** Sa panig ng guro, ang mabubuong workteks ay malaking tulong sa kanila upang magkaroon ng kagamitan sa pagtuturo ng Noli Me Tangere bilang katugunan sa pangangailangan ng mga mag-aaral at kaguruan. Magagamit ang workteks na ito hindi lamang ng mga gurong nagtuturo sa bayan sa Mataas na Paaralan ng Alaminos kundi maging ng ibang bayan. Magsisilbi rin itong modelong kagamitan ng ibang edukador hinggil sa pagbuo nila ng iba pang kagamitan ukol sa pagtuturo ng Noli Me Tangere sa iba pang panig ng kapuluan.

**Para sa mga administrador ng paaralan.** Sa administrador, sa lalo pang pagsubaybay at pagsuporta sa pagpapabuti ng pagtuturo ng Noli Me Tangere sa ikaapat na markahan at sa lalo pang pagpapalawig ng mga programang kaugnay nito na naglalayong linangin ang kamalayan sa kasalukuyang kalalagyang Panlipunan hindi lang bilang isang aralin sa paaralan kung hindi bilang isang kagamitan sa pagpapahayag ng malayang opinion o pananaw sa isyung panlipunan. Mula rin sa resulta ng pananaliksik ay maaring bumuo ng mga palihan na tatalakay sa pagpapaunlad ng kasanayang pangkaisipan at pandamdamin ng mga mag-aaral bilang mabisang pagkatuto nito ng kanyang lipunang ginagalawan.

*********************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
*********************************************************************************************************

**Para sa mga mananaliksik.** Ang mananaliksik ay magkakaroon ng saligang pananaliksik para sa mas malawakan pang pag-aaral sa pagbuo ng mga reliable at valid na mga workteks na magagamit sa pagtuturo ng Noli Me Tangere sa iba pang panig ng kapuluan na aangkop sa kasalukuyang kalakaran ng edukasyon sa bansa na nakasalig sa globalisasyon.

**Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral**

Pangunahing batayan ng pag-aaral na ito ang mga tiyak na pamantayan at kompetensi ng Kurikulum ng K-12. Ang mga paksang nakapaloob sa workteks na ihahanda ng mananaliksik ay nakasalig lamang sa mga paksang dapat na talakayin sa ika-siyam na baitang sang-ayon sa nabanggit na kurikulum.

Nakatuon lamang ang pag-aaral sa pagbuo ng isang workteks na reliable at balido kaugnay ng kasanayan sa Noli Me Tangere para sa mga mag-aaral ng Mataas na Paaralang Alaminos.

Gumamit ang mananaliksik ng mga piling kabanata na nagmula na mismo sa nobelang Noli Me Tangere. Ang mga kabanata na ito ay pinili ng mananaliksik batay sa nilalaman na maaring refleksiyon ng kalalagayang Panlipunan na kinabibilangan ng pananampalataya, pakikipagkapuwa-tao at pagmamahal sa bayan.

Ang workteks ay gumamit lamang ng sampung kabanata sa pagtalakay ng paksa at sa paglalahad ng mga gawain o pagsasanay. Ang mananaliksikbilang guro sa ika-siyam na baitang ay gagap ang Noli Me Tangere. Ito ay ang kanyang itinuturo sa kasalukuyan at malalim ang kanyang pagmamahal at pagpapahalaga sa Noli Me Tangere.

Pinili ng mananaliksik ang lugar ng pag-aaral. Ito ay ang mga Sekondaryang Paaralan ng Alaminos sa Laguna. Ang mataas na paaralan ng Alaminos ang naghubog sa kanya sa panahon ng sekondarya ng mananaliksik. Alam ng mananaliksik na salat sa kagamitang panturo ukol pagtuturo ng Noli Me Tangere sa ikaapat na markahan ang nasabing paaralan. Ito ay sa kadahilanang ang aklat na ginagamit ay kakaunti lamang ang bilang at di sapat sa mga mag-aaral sa bawat klasrum.

Isinagawa ang pagtataya ng nabuong workteks saAlaminos Integrated National High School. Ang mga mag-aaral at guro ng sa Distrito ng Alaminos ang naging tagasagot sa pag-

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume II, Issue I
August 2020
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*
****************************************************************************************************
aaral na ito. Ang isa sa mga nasabing paaralan ay kasalukuyang pinagtuturuan ng mananaliksik.

**Katuturan ng mga Katawagang Ginamit**

**Babasahin.** Mga tekstong karaniwang binabasa ng mga mag-aaral na matatagpuan sa teksbuk.

**Ebalwasyon/ Pagtataya.** Prosesong kinasasangkutan ng pagsusuri ukol sakabisaan ng workteks.

**Gawain.** Mga bagay na kadalasang ginagawa o responsibilidad ng mga mag-aaral

**Kakayahan sa Pagtuturo.** Pagkakaroon ng kahandaan at katalasan ng isip sa pagbibigay kaalaman sa tinuruan.

**Kagamitang Panturo.** Anumang bagay na ginagamit ng guro sa pagtalakay ng aralin (Tomlinson, 2003)

**Kasanayan sa Pagbasa.** Humuhubog sa pag-iisip sa mataaas na lebel na layuning maitaas ang antas ng pag-iisip, pagiging kritikal at mapanuri.

**Kasanayan sa Pagsasalita.** Kakayahan ng mga mag-aaral na makapagpahayag sa pamamagitan ng salita at makapagbigay-linaw o interpretasyon sa mga nais liwanagin

**Kasanayan sa Pagtuturo.** Ito ay sumasaklaw sa edukasyong nataos, pagsasanay nadinaluhan at karanasan sa pagtuturo.

**Istratehiya.**isang sining ng pagtuturo na may pagpaplano at pamamahala ng guro sa madaling pagkatuto katulad halimbawa ng dayalogo sa telepono at cartoon interpretasyon.

**Kagamitang panturo.** Ano mang bagay na ginagamit ng guro sa pagtalakay ng aralin (Tomlinson, 2003)

**Kompetensi.** Mga kasanayang dapat matamo ng mag-aaral sa kanyang pag-aaral ng isang kurso

**Makabagong Pamamaraan.** Isang pamamaraang natutuhan samag-aaral na may layuning linangin ang buhayat pagkatao sa pamamagitan ng malayang ag-aaral, pamamatnubay at pagpapayo, pangkatang pagpaplano at may saloobing pangkaibigan sa guro at mag-aaral.

**Nilalaman.** Tumutukoy sa kabuuan ng binasang teksto.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume II, Issue I
August 2020
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*


**Nobela**. Sa literal na pagpapakahulugan, ang ibig sabihin ng nobela ay “bago” (novel or new sa ingles, novella sa latin). Ang nobela ay madalas na ipinapaliwanag bilang isang mahaba at kathang salaysay ng mga pangyayaring pinagsunod-sunod upang makalikha ng isahang epekto. Sa kumbensiyonal na pamamaraan, ang nobela ay madalas na sumusunod sa pag-unlad ng katauhan ng isang karakter. Isinasalaysay ng mga ganitong naisulat na nobela ang mga pagkamulat—pagbabagong mabuti o masama— ng tauhang bayani. Ang pagkamulat ay laging isang proseso ng pagharap sa mga pagsubok, pagkakatukoy at pagharap sa pinakasuliranin, at pananagumpay (kung ipinahihintulot).

**Paghahanda.** Pagbuo ng mananaliksik ng workteks para sa piling kabanata ng nobela.

**Paglinang.** Mga paraang dapat gawin uoang magkaroon ng kaalaman

**Pagpapahayag.** Nangangagulugang pagsisiwalat ngvtao ng kanyang mga saloobin, damdamin at mga kaisipan.

**Pamamaraan ng Pagtuturo .**Isang pamamaraang may pangkaisipang pagkatuto at may edukasyonal na pilosopiya.

**Performans.** Tumutukoy sa grading nakuha ng mga mag-aaral sa bawat markahan

**Pre-test**. Pagsusulit na ibinibigay sa mga mag-aaral kung saan walang lubos na kaalaman ang mag-aaral sa paksang aralin.

**Pos-test.** Pagsusulit na ibinibigay sa mga mag-aaral kung saan mayroon ng lubos na kaalaman ang mag-aaral sa paksang aralin

**Reliability.** Tumutukoy sa pagiging konsistent ng workteks. Natutukoy ito kapag ang parehong workteks ay ibinigay sa parehong respondent o mga katugma nitong respondent sa magkaibang panahon at magbibigay pa rin ng parehong marka o puntos (Brown, 1994).

**Workteks.** Binuong kagamitang suplimentari na ginagamit sa pagtuturo. Nagtataglay ito ng mga teksto, pagsasanay, gawain na tumutugon sa kurikulum.


**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume II, Issue I
August 2020
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*

**KABANATA II**

**REBYU NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL**

Sa kabanatang ito, tatalakayin ang mga literatura at ilang pag-aaral kaugnay ng pagbuo ng kagamitan. Kabilang sa bahaging ito ang mga pag-aaral, publikasyon, sanaysay, talumpati, at mga aklat na maiuugnay sa pag-aaral.

**Mga Kaugnay na Literatura**

Sa paglipas ng panahon, ang patuloy pangangailangan sa mga kagamitan sa pagkatuto ay walang katapusan kaya ang paggawa ay kaylangan magpatuloy pa rin lalo na para sa pagturo ng Filipino ay hanggang ay nilililang at pinayayaman dahil dito ang mga pag-aaral tungkol sa mga kagamitan sa pagkatuto ay patuloyna nadadagdagan at napapayaman.

Sa pagbabago ng sistema ng edukasyon ang pagpapatuloy na pagtuklas ng mabisang pamamaraan at istratehiya sa pagtuturo ay higit na kailanganang bigyang pansin.

Isang katotohanan na walang kagamitang pampagtuturong makapapalit sa isang guro ngunit makatotohanan ding ang mabuting guro ay gumagamit ng kagamitang pampagtuturo tungo sa mabisang pagtuturo at pagkatuto.

Ang pagsasanay ay isang gawaing may layuning gawing pampalagian ang isang bagay, ugali, kilos, asal, gawain o kadalubhasaan. Sa lahat ng larangan ng pag-aaral ay kailangan ang pagsasanay.

Sinabi ni Caballo (2006), na hindi matatawaran ang kahalagahang dulot ng kagamitang pampagtuturo sa isang guro kayat kailangan ang guroay hindi lamang masanay sa ibat ibang estratehiya sa pagtuturo kundi maging sa paghahanda ng kagamitang pampagtuturo na maaaring maihanda ng guro ay ang aklatan, modyul, sariling linangankit , tsart, plaskard , ibat ibang uri ng paskilan , banghay-aralin , patnubay sa pagtuturo , mga pantulong na yunit, mga takdang-aralin, gawaing upuan, mga pagsasanay at pagsusulit.Ito ay sumusubok sa katalinuhan ng mag-aaral.

Sinabi ni Arellano (2000), ang mga guro sa ngayon ang humaharap sa buntot ng mga kagamitang pampagtuturo at ng mga tulong na ginagamit sa pagtuturo at mga tulong na ginagamit sa pagtuturo. Ang sularanin ay wastong pagpili ng mga kagamitan pang-media at

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume II, Issue I
August 2020
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*

ang pagamit ngmga ito upang makamit ang pinakamataas na kahalagahanng pangkagamitan. Habang ang bagong tulong a panturo ay ipinakikilala ang pamimili naisasagawa ng mga guro ay nagiging higit na mahirap.Kailangan nila ang mga gabay sa mga paraan ng kung saan ang mga bagong midya ay napaunlad, maayos at mapahalagahan nang sila ay umabot ng matibay na pagtataya na may kaugnay sa mga kagamitan na nakalaan sa mga tiyak na pangkat ng mga mag-aaral

Ayon kay Lardizabal (2000) ang mga pantulong na biswal ay kinikilalang kaakibat ng mga pamamaraan sa pagtuturo ito ay nagbibigay ng landas sapagkatuto at mga pantulong sa biswal na pinakaelemento sapagkat ito ay magpapagunita at magbibigay ng bisa sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral na magsasaliksik at magpapalawak ng kani-kanilang pag-aaral.

Sa kabila ng kahirapan sa pamimili lalo na ang midyum na gagamitin ang guro ay nahaharap pa sa lalong hirap kung paano magagamit ang bawat aytem sa pangkabuuang planong pangkagamitan. Masalimuot kapwa ang sadyang pamimili at suliranin samidyang pag gamit. Ang mga guro ay humaharap din sa ibang suliranin na bunga ng kasalukuyang tagpo sa pagtuturo.

Ayon kay Guaman et al. (2000) sa paghahanda ng kagamitang pampagtuturo ay kailangang isa isip ng guro ang ilang simulain na makakatulong sa kanya. Sa pagsisimula pa lamang ng pagtuturo. Ang pagkawili at pagkagiliw ng mga mag-aaral ay nadarama agad sa mga kagamitan sa pagtuturo na ginagamit ng guro kailangan pagsikapan ng mga guro ang pagkatuto at pagkalugod sa mga pantulong.

Mula sa pananaw ni Salanalanan (2009) Sa pamamagitan nito, higit na mahahamon ang mga mag-aaral na makapg-isip nang kritikal upang mahikayat silang magsikap na matamo ang kanilang interes o pangarap sa buhay, magkaroon ng ibayong interes sa pag-aaral, maging kawili-wili ang pag-aarl at mabilis na pagkatuto, madevelop ang pagtitiwala sa sarili, malayang maipakita ang kakayahan at kaalaman at makakuha ng mataas na marka sa klase.

Ayon kay Yambao sa pag-aaral ni Monteagudo (2008), na nagpapatunay na napakahalaga ng mga kagamitang pantulong sa pagtuturo ng Filipino kanyang natuklasan na ang pagkakarooon ng mga kagamitang panturo at pantulong ng mga guro ay itinuturing

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

ng mga salik na may impluwensyang kapaki-pakinabang sa pagpapayaman ng mga karanasan sa saligang pagkomunikasyon sa mabisang pagtuturo sa Filipino.

Isa sa mga naging kalakaran sa larangan ng pagtuturo ay ang paggamit ng self-learning kit o mga kagamitan sa sariling pagkatuto. Ang mga ito ay nadadala ng mga mag-aaral sa sarili nilang tahanan upang mapag-aralan sa tulong ng magulang, kapatid, o iba pang tao sa pamayanan batay sa ipinapagawasa kit. Inisip ng mga edukator na ang mga kagamitang ito sa sariling pakatuto ay makakatulong nang malaki upang malunasan sa sularanin sa lumalaking populasyon o bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng sapat na kagamitan upang matuto.

Ang Sariling Linangang kit ay angkop sa anumang uri ng ma-aaral. Ang mga may kahinaang mag-aaral at maasahang mahuhuling makatapos ng mga aralin may kahinaang mag-aaral at maasahang mahuhuling makatapos ng mga aralin kaysa mga marurunong ng mag-aaral subalit, kahit sila ay nahuhuli ay hindi inihahambing sa iba nilang mga kamag-aral. Malaya nilang natatapos at nauunawaan ang kanilang nang hindisila kinkabahang maiwan ng iba. Hindi sila nakikipagpaligsahan sa kanilang mga kamag-aral kundi sa kanilang sarili.

Sina Rothwell at Kazanas (2008) ay nagmungkahi ng ilang hakbang sa pagdedesenyo ng kagamitan panturo (instructional materials) maging ang teknolohiya ay nakasulat o nakatuon sa elektroniko paghahanda ng balangkas sa pagsasagawa ng pananaliksik pagsisiyasat sa mga naunang kagamitan panturo pagsasagawa at pagmomodipika ng kasulukuyang kagamitan at pagpili at paghahanda ng mga Gawain sa pagkatuto.

Ang mahusay na kagamitan panturo lalo na ang mga nakasulat ay nakapupukaw ng mabuting patnubay ito rin ay nakadaragdag sa kalidad na instruksyons samakatuwid ang paggamit ng pinakaangkop na kagamitan sa pagkatuto ay kaylangan maglaan lalung lalo na ang manwal.

Sa aklat ni Victor (2000), binigyan-diin ang kahalagahan ng kagamitan sa pagkatuto aniya, ang mga kagamitan panturo ay hindi paraan para makamit ang resulta subalit hindi rin ginagawang resulta o bunga ang mga ito kung sa layunin, kailangan itong piliin at idisenyosa pagtatamo ng natatanging pangangailangan/layunin pangunahin layunin nito na tulungan ang kaisipan ng mga mag-aaral upang maunawaan ang mga tiyak na konsepto ng mga aralin.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume II, Issue I
August 2020
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*

Ang kakulangan sa kagamitan panturo at mga aklat ay humahamon sa kakayahan at kapasidad ng guro na maging mapamaraan sa paghahanda ng mga pantulong na kagamitan.

Ayon kay Bolanos (2007) sa pang-araw-araw na gawain ng mga guro para sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang malawakang kaalaman para sa mabisang paglalahad ng mga paksa o asignatura at ang pagpapaunlad nito ay sadyang kinakailangan upang madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mga aralin o paksang tinatalakay. Walang isang pamamaraan lamang na masasabing sadyang mabisa para sa lahat ng uri ng paksang aralin o isang pamamaraan na angkop gamitin sa lahat ng nagpapasya sa pamamaraan na kanyang gagamitin na angkop sa lubos na pagkatuto na nais niyang makamtan ng mga mag-aaral at gayon don sa uri ng paksang aralin at asignaturang kanyang ituturo.

Maaaring gawan ng komersyal ang gawa ng guro, gawa ng mag-aaral o maaaring gawa ng kalikasan ang mga kagamitan panturo pinakamahalaga sa lahat nakapipili ang guro ng angkop nagamitin sa kanyang mag-aaral.

Ayon sa Colombo Plan Staff College for Technician Education (2007), ang paggamit ng inihandang pantulong na kagamitan sa pagkatuto ay may ibat ibang bentahe tulad ng nakatitipid sa paggamit ng oras para sa mga guro ang mga mag-aaral ay nakagawa ayon sa kanilang bilis. Ang mga mag-aaral na may kabagalan ay di naapektuhan ang mga mabibilis. Nagiging mas responsible sa pagkatuto ang mga mag-aaral sapagkat nabibigyang pagkakataon sila na mag-aral kahit wala sila sa loob ng silid- aralan. Napahuhusay ang paguugali sa pagkatuto sapagkat nakasusunod sa pagsulat ng instruksyon at ang pagdrowingay. Nahahasa rin at nakahahabol sa aralin ang mga mag-aaral na lumiliban sa klase at may fidbak sa mga tanong na sinagutan at naglalaan ng huwaran o modelo upang masubaybayan ang pag-unlad.

Sina Kemp, Morrisson, at Ross (2002) ang may akda ng aklat na pinamagatang "The Design and Production of Self-Instructional Materials" sinabi dito ang paglalarawan sa sariling kagamitang panturo gaya ng gisingin ang interes; isinulat sa mga mag-aaral; nagbibigay ng takdang oras para sa pag-aaral; dinisenyo para sa partikular na gamit; palaging maglaan ng layunin at hantungan; pangunahing diin sa pansariling assessment; kahandaan sa ilang mga kahirapan; palaging maglaan ng buod; sariling istilo; ayusin ang nilalaman maging bukas

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

******************************************************************************************************

sa pagsusuri; ang mga mag-aaral ay nakapaglalaan ng iba't ibang kasanayan; kailangan ay maging alisto sa ginagawa; at pakay sa magaling /magaan na pagturo.

Nasabi naman sa isang pag-aaral ni Fernadez et.al (2010) na ang dekalidad na edukasyon ay makakamtam lamang kung malalaman ang mga salik na siyang makatutulong upang paunlarin ang performans ng mga mag-aaral. ang gawain na ito ay ang responsibilidad ng guro. Dapat niyang malaman kung ano-ano ito ng sa ganoon ay makapagplano siya ng mga estratehiya na makapagbibigay daan tungo sa mas maunlad at produktibo na resulta sa performans ng mga mag-aaral.

May hangarin maging matagumpay sa pagtuturo upang makita ang kalagayan ng natutunan , kailangan ang guro ay matutong ibagay ang tamang gawain sa isang mag-aaral ayon sa kanyang abilidad at kapasidad ng kanyang kakayahan o kaalaman. Ang aakma ay nagiging mahirap kapag ang isang mag-aaral ay nagkakaedad at nagkakaroon ng potensyal upang lalo pang matuto.

Si Ornstein (2000), isang kilalang amerikano edukator ay nagsasaalang-alang na ang kagamitang tumulong ay mahalagang pag- tulong sa pag-aaral. Para sa kanya, ang kagamitang panturo ay maaring maapektuhan ang magaaral sa: pagpapaibayo ng pag-aaral; makapagdaragdag sa pagkaunawa ; paglaan ng iba't ibang karanasan sa pagkatuto; mapagtibay ang natutunan; pagapapahintulot na magkakaroon ng ibang nais; na makilahok; magbigay ng karanasan na maaring hindi pa niya nagagawa at pagbabago ng pag-uugali at nadarama.

Ang kahusayan ng pagtuturo ay isang pang-araw-araw na hamon sa kinakaharap na bagong dekada. Ang mataas na kahusayan ng edukasyon ay nakapagbibigay ng resulta na makikita kung ano ang kinabukasan ng mga mag-aaral sa hinaharap.Sinabi ni Block (2003) sa kanyang pinalantuntunang pagsusuri ng programang panuto na kailangang natutunan. Sa binigay na tamang oras sa sumusunod na kondisyon; maayos ang pagkakaplano at ipagawa ang panuto; tamang oras para sa mag-aaral na makakuha ng kagamitan; palaging pagtingin sa natutunan sa pamamagitan ng agarang pagtatanong; at paraan ng pagwawasto sa hindi tama.

Ayon kay Reiff (2002) na ang sariling pag-aaral ay hindi kapanahunan at kaantasang lapitan. Sinabi niya na ang programang natutununan ay hindi bagong paraan ng pagkatuto.

******************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
******************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume II, Issue I
August 2020
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*

Ito ay nagamit sa Greece sa panahon ni Cecero's sa panahon ng programang pagturo ay nagbigay ng mungkahi tungkol sa "Malaya at hindi pansariling pagkatuto," ngunit pagkatapos ng obserbasyon ginawa hinggil sa programang kagamitan ay nagsisimula sa madali papunta sa mahirap na konsepto na matutunan. Para saprogramang kagamitan, sinasabing ito ay sariling pagkatuto. Ang programang kagamitan ay naging mabisa dahil sa mga saloobin Ang gamit ng programang kagamitan ay para lagyan ng tuldok ng mag-aaral. Layunin hinggil sa kabuuang nais at ito ang magiging kabutihan para sa mga guro tulad ng pag-iwas sa paraang pagsalita ng guro.

Ang kagamitang panturo ay nakakatulong upang mabisa ang taktika na ginagamit. Ang kagamitang panturo ay hindi ginawa kung saan-saan lang. Sila ay masuring nagplano sa paraan ng mga Gawain. Ang bawat isa ay natututong mabuti kapag walang kasama Gayunman sa pagpapaunlad ng kagamitan ay karampatang pag-aalaga ang dapat.

Ang kagamitang panturo ay tumutulong para sa mag-aaral na isipin at intindihin ang impormasyon na ipinapakita ayon kay Heinich (2003). Sinabi niya ang kagamitang pag-aaral ay gumagawa sa paraan ng panonood, musika, o parehas ay malaking dagdag sa kanyang sariling kakayahaan na maalala kung ano ang napag-aralan nila.

Binigyang-diin ng panuto ni Kelly (2000) na ang kasangkapan para sa pagkatuto sa pagsasama-sama ng mga klase na kung saan ay punan ang lahat ng kailangan para sa kaantasan ng pagkaunawa. Ang presensya ng mga mahirap makaintindi ay kasama sa klase na hindi maitatangi. Gayunman, ang pinakamabisang paraan para punan ang pangangailangan ay malinang ang kagamitang panturo na nasa antas ng kanilang pagkaunawa.

Sa pagsasama-sama ng pansariling paraan ni Lewis (2000) ay kasama ang postulate na kung saan ito ay batayan sa pag plano ng pansariling pagtuturo ang pagkatuto sa isang tiyak na sitwasyon. Binigyang-diin din niya na ang pansariling panturo taktika na nasa modular approach sariling kaibahan kung ang saan ang tao na nasa pagkat ang kaparehas sa bawat isa. Ay nasusukat sa pag-iisip na ito ay pinagsamang pahayag ng programang pang pampamayanang kagamitan para sa gamit ng guro.

Ayon kay Villanueva (2010) salig kay Alvarado, nalaman na ang salik na nakakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon sa kanyang natuklasan ang pag-aaral

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume II, Issue I
August 2020
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*
****************************************************************************************************
ay mabisa kung ang silid-aralan , kagamitan at mga materyales na kinakailangan ay sapat. Ang kasalatan o kakulangan ay malaking kawalan sa mga mag-aaral sa pagtuturo ng mga kasanayan o kaalaman.

Ang pagkatuto sa paraan ng pansariling programang kagamitang panturo ay sariling panturong paraan kung saan ang mga mag-aaral ay natuto sa pansariling ayon sa kanilang bilis, na may nagiging bunga ng marami galing sa pagkatuto sa aktibong na kasama ang kanilang sarili.

Ang kagamitang panturo kapag naisakatuparan ay maisasama ang antas ng pagkatindi sa mga gagamit. Sinabi ni Prossner (2000), na ang antas ng na ang pagsasagawa ng kagamitang panturo ay dapat na kaalaman para sa kailangan na isama sa kanilang kagamitan; ang pagpapaliwanag at pagpapakahulugan ay nararapat para sa mag-aaral na hindi kayang gamitin ang formal na reasoning pattern tulad ng tamang halimbawa ng konsepto at problema para sa mag-aaral ay malilinang ang ilang bahagi ng kanilang pagkaunawa sa nilalaman ng kagamitan. Idinagdag din niya na nag kagamitang ito ay dapat tumpak na hindi dapat lalampas sa kakayahang ng mag-aaral.

Ang pagpapaunlad ng kagamitang panturo ay nakatutulong para punan sa pagtulong ang kalidad ng pagtuturo. Ito paraan ng guro sa loob ng klase na ipaliwanag lalo na sa paghawak at pagsasabi ng kanilang aralin at sa oras na ang mag-aaral ay mahigitan at makuha ang impormasyonng sinabi at natutunan ng hindi direktang nagsabe sa guro lamang. Ang mag-aaral na maiingganyo sa pansariling kagamitan o pag-aaral ng pansarili lamang. Ang paraan ng mabilis na paagkatuto na nakakatulong sa pansariling pag-aaral , interactive modules at ang isang maayos na pangkat na gumgawa ay nakatutulong sa pagkatuto at maging tagumpay.

Ayon kay Evans at iba pa (2000) ang magandang kagamitan kurikulum kasama ang (a) maayos na pagkakasaad ng layunin (b) ang nilalaman ay may karampatang konekta sa layunin (c) ang nilalaman ay maayos simula sa simple papunta sa mahirap (d) mga nilalaman na may tanong redundancyat (e) ang nilalaman ay dapat mayroong paraan ng pagkatuto.

Mula sa Natinal Commission for Exellence in Teacher Education na inulat ni Parkay (2000), ang unang dalawang kailangan intindihin ng guro na kailangan ay (1) paano ito

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume II, Issue I**
**August 2020**
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*
****************************************************************************************************

isasagawa lahat, pumili ng wastong kagamitan para sa antas ng pag-aaral ng mag-aaral gamit ang mabisang taktika para maituro muli ang malalim na nilalaman at isang pagpapaliwanag at seminars (2) paano paano obserbahan at suriin ng mag-aaral ang akademikong kailangan at paano ito gagawin ito na ang gamit ang pansariling kagamitan.

Isang pag-aaral na mas nakatulong na mabuti ay ang pag-aaral ni Sigurgeirsson (2006) gamit ang dating kurikulum sa kagamitang panturo na halimbawa sa isang panggitnang antas sa malamig na silid-aralin.

Ang kagamitang panturo sa programang kagamitan ay maingat na inaayos sa lohikal na paraan na kung saan ang pagtuto ay maaga at mag-aaral ay natuto sa kanyang sariling bilis na ang bawat tugon na sinabi niya o pagtatama sa gawa ayon kay Carry (2004).

Kaugnay sa naunang sinabi ni Morris na ang Indonesia ay tinangkang baguhin ang layunin ng kanilang institusyon, nilalaman at ang pagtuturo –paraan ng pagkatuto at paraan ng pagsusuri at pamamalakad.

Sa pananaliksik na ginawa ni Carry at Morris ang pinaka suportado ang nangyayaring pag-aaral dahil ito rin ay may layunin sa pagsusuri ng kagamitang panturo na madaling gagabay sa mga guro at mag-aaral pagtuturo sa pagkatuto sa Matematika.

Sa pagdagdag ni Jhonson (2002) na ang kagamitan ay mahalaga sa paghubog ng guro sa ugali at paniniwala sa loob ng klase at mas mahalaga itong paraan sa kung anong gusto nilang gawin. Ang guro ay depende sa kagamitan at kapag nakuha nila ang materyales nagamit , naniniwala sila doon ang kaisipang iyon ay nakabase sa kagamitan. Ngunit sa binigay na kaisipan na sa pagtuturo “Entrepreneurship” ang preparasyon ng kagamitan ay binigyan ng mahalagang pansin.

Karagdagan sa iminungkahi ni Waters at Natchison (2002) ang isang paraan ng mabisang pagsulat at kagamitan sa pag-aaral (1) Kagamitan na nagbibbigay ng pagpapalakas sa natutunan Ang magandang kagamitan ay itinuro. Ito ay nahihikayat at matuto. Ang magandang kagamitan ay nagbibigay nga paraan para magkaroon ng interasadong mensahe, masayang gawain ang na kasama ng kapasidad ng pagkatuto pagkakaroon para sa mga nais matuto na ilabas ang kanilang kaalaman at kakayahan at nilalaman na kung saan natututo at ang guro ay magkatugma (2) kagamitan na tumulong para makilala ang paraan ng pagkatuto sa paraang pagbibgay ng landas tungo sa mahirap na gamit na

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume II, Issue I
August 2020
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*

matututuhan. Ang tamang kagamitan ay magbibigay ng malinis at madaling maunawaang basehan na gagabay sa guro at mag-aaral tungo sa ibang gawain na magbibigay ng malaking daan tungo sa pagbabago ng pagkatuto. Sakabilang banda, ang kagamitan ay hindi dapat masyadong maayos. Ang pundasyon para makabuo ng isang mapurol na basehan ng mga aralin, iwasan ang pagsasama-sama na nagiging parehas ang bawat isa, na parehas ang tipo ng mensahe, parehas na klase ng paglalarawan parehas na klase ng mga gawain.

Para kay Gabuyo (2000) sa paghahanda ng kagamitan pampag katuto ay kailangang alamin ang karaktiristik at pangangailangan ng estudyante. Tiyakin ang layunin, balangkasin ang nilalaman, iplano ang suportang kakailanganin at isaalang -alang din ng mga materyal na paghahanguan. Sa pagsusulat. Inahanay nang maayos ang mga ideya, pag-isipan at simulang buuin ang mga gawain at fidbak, humanap ng mga halimbawa at umisip ng mga grapiko.

Ayon kay Transona (2002) walang kagamitang panturo ang mapapalit sa isang mabuting titser ngunit isang katotohanang hindi matatanggi na ang isang mabuting titser ay mga gumagamit ng mga kagamitang hindi pampagtuturo tungo sa mabisang pagkatuto ng mga estudyante.

Ang pagkatuto para kay Panambo (2000) ay ang pinaka mahalagang prosesong pagpapaturo at pagaaral. Ang estudyante ay nakasasalay sa mabuting paraan ng pagtuturo ng isang titser. Ang titser ang nagbabalak at nag papasya sa pamaraang kaniyang gagamitin na angkop sa bunga ng pagkatuto na nais makamtam ng mga estudyante at gayundin sa uri ng paksang-aralin at asignatura na kanyang ituturo.

Ang mga pampagtuturo ayon sa pakahulugan ni Erickson (2000) ay ang mga kagamitang kinabibilangan ng mga aklat, pamphlet, magasin, at ulat dokumentaryo. Ang mga ito ay maaring ilagay sa ilalim ng tatlong katangianng binigay ni Fenton (200) 1) mga kagamitang babasahin tulad ng mga teksbuk, ensayklopedia, pahayagan, pamphlet, talaarawan, inilimbag na mga panayam atbp. 2) mga biswal na kagamitan na tulad ng larawan, pelikula, mapa, globo, telebisyon, at radio at, 3) mga yaman ng mga kapaligiran tulad ng field trip, sarbey, panayam, pangungumbida ng tagapagsalita at iba pang katulad nito.

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan | **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco | **Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume II, Issue I
August 2020
Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com

Ipinahayag ni Michaelis ang kahalagahan ng paggamit ng mga kagamitang instruksyonal sa pagtuturo ng Filipino. Ayon sa kanya, hindi magiging gaanong makabuluhan ang pag-aaral at pagkatuto kung kulang ang “Learning Environment” ng mga kagamitang instruksyonal. Nagbigay din siya ng ilang mungkahi tungkol sa pagpili ng kagamitang pampagtuturo at ito ay binigyan ng pagpapahalaga ng mananaliksik sa pagbuo ng mga aralin na gingamit sa pag-aaral na ito. Ang mga ito mga sumusunod; naangkop sa layunin maayos na pagkakasunod-sunod ng mga aralin; pagbibigay ng konsiderasyon sa pangangailangan, interes, at kahandaan ng mga mag-aaral; kaugnay ng mga aralin sa sariling karanasan ng mga mag-aaral upang pumamaraan at mga gamit panturo maliban sa teksbuk.

Kaugnay naman sa paghahanda ng mga kagamitang instruksyunal, naging mahalagang gabay sa pag-aaral ni Agno (2000) sa papel na ito. Mula sa kanyang pangunahing suliranin, tinangka ni Agno na bumuo ng mga kagamitang pampagtuturo na makabuluhan sa kurikulum ng mga Filipino na maaring magamit ng mga guro sa Filipino; pasusuri ng nilalaman na Tsart ng lawak at pagkakasunod-sunod (Scope Sequence Chart); At paghahanda ng mga yamang panturo para sa mga guro ng Filipino sa Sekondarya.

Ang ***Kagamitang Panturo*** sa pag-aaral na ito ay nakasentro sa paghahanda ng workteks bilang kagamitang panturo. Ginamit na batayan ng mananaliksik ang teorya ni Tomlinson (2001) ukol sa paghahanda ng kagamitan. Sa kanyang aklat na pinamagatang Materials Development in Language Teaching, ikalawang edisyon, binanggit niyang kalimitan kapag sinabing kagamitang panturo malimit na iniuugnay ito ng mga tao sa aklat na malimit gamitin ng guro sa pagtuturo. Subalit nilinaw ni Tomlinson na kapag sinabing kagamitan ito ay tumutukoy sa anumang bagay na ginagamit ng guro upang mabisang mapangunahan at mapangasiwaan ang pagtalakay ng aralin. Ang mga kagamitang ito ay maaaring bidyu, DVD, emails, youtube, diksyunaryo, aklat pambalarila, mga babasahin, workteks, o photocopied excercises. Maaari rin itong pahayagan, balot ng pagkain, litrato, mga naimbitahang tagapagsalita, panutong ibinigay ng guro, gawaing ibinigay ng guro.Sa madaling sabi, ang kagamitang panturo ay anumang bagay na makadaragdag at makapagdudulot ng kaalaman at karanasan ng mga mag-aaral ukol sa pagkatuto ng wika. Sapamamagitan ng konseptong ito ukol sa kagamitan ay matutulungan ang mga tagahanda ng kagamitan na gamitin ang ano mang uri ng bagay na makapagbubusod ng kaalaman at karanasan sa mga mag-aaral, at

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

****************************************************************************************************

maipaalam na ang mga guro ay maituturing ding tagahanda ng kagamitan o *materials developer* at responsible sa mga kagamitang ginagamit. Mahalaga ring isipin na ang mga kagamitan ay nakapagtuturo sa mga mag-aaral ukol sa tamang gamit ng wika.

Ang ***Paghahanda ng Kagamitang Panturo*** sa pagbuo ng kagamitan ay isang larangan at isang praktikal na karanasan. Bilang larangan, ito'y pag-aaral sa mga prinsipyo at hakbangin ng pagdedesenyo, implementasyon, at ebalwasyon ng kagamitan sa pagtuturo ng wika (Tomlinson, 2001). Bilang praktikal na karanasan ito ay tumutukoy sa anumang inihanda ng manunulat, guro o maging ng mag-aaral na nakapagbibigay ng input hinggil sa pagkatuto ng wika.

Ang ***Kagamitan ay Marapat na may Impak sa mga Mag-aaral*** dahil sinabi ni (Tomlinson, 2001), na masasabing may impak ang kagamitan kung ito'y may kapuna-punang epekto sa mga mag-aaral. Ito ay kung nakapaghahatak ito ng interes, kuryosidad, at atensyon ng mga mag-aaral. Nagkakaroon ng impak ang kagamitang panturo sa pamamagitan ng: a) **novelty** gaya ng di pangkaraniwang paksa, ilustrasyon, at mga gawain**; b) barayti** gaya ng pag-alis ng monotono ng routine sa yunit nang may di inaasahang gawain; paggamit ng iba't ibang uri ng teksto mula sa iba't ibang mapagkukunang gamit; paggamit ng iba-ibang tinig ng guro na isinateyp**; c) kawili-wiling presentasyon** gaya ng paggamit ng makatawag pansing mga kulay, maraming puting espasyo, at paggamit ng mga larawan**; d)nakasisiyang nilalaman** gaya ng mga paksang nagbibigay ng interes sa mga mag-aaral; mga paksang nagbibigay ng posibilidad ng pagkatuto ng mga bagong bagay, pagkilala sa maikling kwento, paksang pandaigdig at mga lokal na sanggunian.Subalit mahalagang isipin na ang impak ng kagamitan ay hindi pare-pareho.

Ayon kay Tomlinson maaaring ang kagamitan ay nagugustuhan ng mga mag-aaral sa Brazil at hindi magugustuhan ng mga mag-aaral sa Australia. Sa parehong konsepto, ang kagamitan na angkop sa mga mag-aaral ng Visayas ay maaaring hindi angkop sa mga mag-aaral ng Luzon. Maari rin namang ang kagamitang may impak sa sampung mag-aaral ay walang impak sa dalawampung mag-aaral. Sa madaling sabi, mahalagang maisaalang-alang ng guro ang mga senaryong ito bago at habang bumubuo ng kagamitang panturo.

****************************************************************************************************

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume II, Issue I
August 2020
Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com

Ang ***Kagamitan ay Marapat na Nakatutulong sa Mag-aaral na Maging Mahinahon.*** Samantalang sinasabing ang *pressure* ay maaaring makatutulong sa mga mag-aaral ng wika, ang mga mananaliksik ay nagkakaisa na natutuhan nang mahusay ng mga mag-aaral ang wika kung wala siyang takot at agam-agam ayon kay Oxford, (1999)
Malaki ang kaugnayan ng kalagayang pandamdamin ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika. Magiging mahinahon ang mga mag-aaral kung maiuugnay nila ang mga teksto at ilustrasyon sa kanilang kultura ayon kay Tomlinson, (1998).

Sa magkaugnay na konsepto nina Oxford at Tomlinson marapat na ang kagamitan ay nakapagdudulot ng kapanatagan sa mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral na walang takot at ligalig ay malayang nakapagbabahagi. Hindi sila nag-aalinlangang makisangkot sa mga gawaing pangklasrum.

Ang ***Kagamitan ay Marapat na Nakatutulong sa Mag-aaral na Magkaroon ng Tiwala sa Sarili.*** Mula kina Dulay, Burt, and Krashen, (1982). ng mga mag-aaral na relaks at may tiwala sa sarili ay natututo nang mabilis Ang mag-aaral na may tiwala sa sarili ay aktibong nakikilakok sa mga gawaing pangklasrum. Wala siyang alinlangan sa gagawin sapagkat nababatid niyang napag-isipan niya ito nang maigi.

Kalimitang isinasaisip ng mga tagabuo ng kagamitang panturo ang paglinang ng tiwala sa sarili ng mga mag-aaral subalit isinasakatuparan nila ito sa pamamagitan ng pagbuo ng payak at simpleng kagamitan. Sinisikap nilang maramdaman ng mga mag-aaral na nagtagumpay sila sa isang gawain sa pamamagitan ng pagbigay ng mga simple at payak na pangungusap bilang pagsasanay. Ang ganitong pamaraan ay tanggap ng maraming guro at mga mag-aaral. Subalit nagbubunga ito ng pagbaba ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Nalalaman nila na hindi naman talaga sila gumagamit ng kanilang utak at ang tagumpay nilang nakamit ay ilusyon lamang. At ang ganitong damdamin ng mga mag-aaral ay nakapagpapaba ng kanilang tiwala sa sarili ayon kay Tomlinson, (2001).

Marapat na isaalang-alang ng mga bumubuo ng kagamitan ang paglinang ng mga mag-aaral ng kanilang tiwala sa sarili. Maisasakatuparan ito kung ang mga gawain at pagsasanay sa kagamitang panturo na ginamit ay yaong nakapaghihikayat sa mga mag-aaral na mag-isip nang kritikal, umunawa, balikan ang dating kaalaman, at sumuri ng mga konseptong nakalahad.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume II, Issue I
August 2020
Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com

Ang ***Kagamitan ay Marapat na Nakatutulong sa Mag-aaral na may Iba't Ibang Istilo ng Pagkatuto.***Ang mga mag-aaral ay may iba't ibang istilo ng pagkatuto (learning styles). May mga mag-aaral na ibig nilang matuto nang nag-iisa. May mga mag-aaral namang mas natututo kung sila ay napabilang sa pangkat. Ang kagamitang panturo ay marapat na nakatutugon sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral na may iba't ibang istilo ng pagkatuto. Ayon kay (Tomlinson, 2001) ang mga istilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral ng wika na marapat na tugunan ng mga mga kagamitang panturo ay: *a)* **visual** (hal. Natutuhan ng mga mag-aaral ang wika kung ito ay naisulat) *b)* **auditory** (hal. Natutuhan ng mga mag-aaral ang wika kung ito ay naririnig nila.)*c)***kinaesthetic** (hal. Ibig ng mga mag-aaral ang mga gawaing kailangan nilang gumalaw tulad ng pagsunod sa panuto at laro.) *d)* **studial** (hal. Gusto ng mga mag-aaral ang makinig sa mga katangian ng wika at mahalaga ring wasto ito.) *e)* **experiential** (hal. Gusto ng mga mag-aaral na nagagamit sa komunikasyon ang wikang pinag-aaralan.) *f)* **analytic** (hal. Ibig ng mga mag-aaral na tumuklas ng mga kaalaman sa ganang sarili) *g)* **global** (hal. Gusto ng mga mag-aaral na matuto ng malaking tipak nag kaalaman at buhat rito ay kumuha ng ispesipikong kaalamang magagamit niya.) *h)* **dependent** (hal. Gusto ng mga mag-aaral na matuto mula sa pagtuturo ng kanilang guro at sa mga aklat.) *i)* **independent** (hal. Gusto ng mga mag-aaral na matuto ng wika sa pamamagitan ng pagtuklas sa mga ito at gumamit ng sariling estratehiya sa pagkatuto.)

Ang **Ebalwasyon ng Kagamitang Panturo.**Ang terminong ebalwasyon ng kagamitang panturo ay tumutukoy sa pagsuri sa halaga ng kagamitan. Samaraming pagkakataon isinasagawa ang ebalwasyon sa pamamagitan ng pag-iisa-isa sa kabisaan ng kagamitang panturo. Si Tomlinson (2003) ay nagbigay nag mga pamantayan para masuri ang kagamitang panturo. Ito ay ang mga sumusunod:Ang hatak ng mga kagamitang pampagtuturo sa mga mag-aaral;Ang kredibilidad ng mga kagamitan sa mga mag-aaral, guro, at administrador;Ang balidìti ng mga kagamitan (hal. Ang mga paksa ba ay angkop na ituro?);Ang pagiging mabisa ng mga kagamitan (hal. Kapag ginamit ba ito sa iba't ibang pangkat ng mag-aaral parehas pa rin ba ang epekto nito?);Ang kakayahan ng kagamitang pukawin ang interes nag mg mag-aaral at guro;Ang kakayahan ng kagamitang ganyakin ang mga mag-aaral;Ang kahalagahan ng mga kagamitan ukol sa madaliang pagkatuto;Ang kahalagahan ng mga kagamitan ukol sa pangmatagalang pagkatuto;Ang pananaw ng mga

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume II, Issue I
August 2020
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*

mag-aaral ukol sa kahalagahan ng kagamitan;Ang pananaw ng mga guro ukol sa kahalagahan ng kagamitan;Ang naibibigay ng mga kagamitan sa pag-unlad ng kaalaman nag guro;Ang kaangkupan ng kagamitan sa kurikulum.

Bilang isang Pilipino, mahalagang mahasa at malinang ang bawat mag-aaral sa limang makrong kasanayang pangkomunikatibo: ang pagbasa, pakikinig, pagsasalita, pagsulat at panonood. “Dahil ang karunungan ay lalong mapapalawak sa pamamagitan ng pag-eehersisyo ng utak, sa pagbasa at pagsulat. Ito ang mabisang paraan upang higit na tumalas ang memorya ng isang tao. Ang utak ng bata ay maraming “neurons” na halos walang limtasyon sa pagtuklas ng karunungan.”(Yonson, 2001). Kung gayon, higit na kailangan na mas magbigay ng atensyon ang mga mag-aaral ng 21$^{st}$ century sa pag-aaral at pagpapayaman ng kanilang malayang kaisipan sa tulong ng mga kagamitang pampagkatuto.

Mula sa pag-aaral ni Devine (2012) ayon kay Nunan (2001) ay nagbigay naman ng mga pamantayan o simulain sa pagdidisenyo o paghahanda ng mga kagamitang panturo tulad ng ma sumusunod: 1. Ang mga kagamitan ay dapat kaugnay ng kurikulum na pinagsisilbihan nito at kinakailangan maglaman ng gawain para sa interaksyon ng ma mag-aaral, 2. Dapat naawtentiko o nagpapakita ng gawain katulad sa mga bagay na nasa labas ng silid-aralan,3. Dapat nanghihikayat sa mga mag-aaral na paunlarin ang mga kasanayan hindi lamang sa pagkatuto kundi sa mga kasanayan na tutulong upang lalo pang matuto (developing skills in learning how to learn), 4. Dapat na humihikayat sa mga mag-aaral na gamitin ang mga kasanayang natutuhan sa labas ng klasrum.

Nagbigay rin sya ng mga hakbang o paraan ngpaghahanda ng kagamitang pampagtuturo mula sa mga patnubay na kalakaran at simulain sa paghahanda ng kagamitang panturo upang maging madali na ang pagsisimula sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo.

Una, ay ang paghahanda ng batayang konseptwal na binubuo ng sumusunod: layunin ng kagamitan, pinaglalalaanan ng kagamitan, nilalaman, mga kasanayang lilinangin, pormat o paraan ng paglalahad ng gagawing pagsasanay, aralin o gawain. Ikalawa, ay ang hakbang na nauukol sa pagsulat ng mga kagamitan matapis ang pagsulat nito ay ang pagpapagamit o try-out ng mga kagamitan sa mga mag-aaral o target na gagamit. At ang panghuling hakbang ay ang pagrerebisa ng kagamitan at pagpaparami nito.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume II, Issue I
August 2020
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*
***

Mula sa aklat ni Villanueva na A Comparative Study of the Methods Used in Teaching The Filipino, Mabisa ang pagsasanay na may kaugnayan sa aralin at ibinibigay sa maikling panahon. Hindi mapasubalian ang kahalagahan ng pagtatanong-pagsasagot na paraan sa pagkuha ng impormasyon. Sa pagtuklas ng karunungan, sa pagtiyak sa isang katotohanan, sa pagsusuri, pagtatalakayan at maging sa pagtatalo, pormal man o di-pormal. Sa loob ng silid-aralan ang tanong ay mabisang pantulong ng guro sa kanyang pagtuturo.

Ayon sa aklat ni Paquito (1999) na Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika, tulad ng pagsasanay, ang pagbibigay ng pagsusulit o pagsubok ay mahalagang yugto ng proseso ng ng mahusay na pagtututo-pagkatuto. Ang mahusay na pagtuturo ay nagsisimula at nagwawakas sa makabuluhang pagtataya na ginagawa sa iba't ibang paraan. Ang pagtataya ay isang paraan ng pagtiyak ng lawak at antas ng pagkatuto ng mag-aaral, ang kabisan ng pagtuturo o pamaraang ginamit sa pagtuturo. Bago magsimula sa pagbuo ng pagsusulit, tiyakin muna kung ano ang layunin ng pagsusulit o tungkuling nais nitong gampanan. May pagsusulit na naglalayong tuklasin ang kahusayan o kahinaan ng mag-aaral sa particular na aralin o asignaturang kinukuha. May pagsusulit na naglalayong tiyakin ang kahandaan ng mag-aaral sa kukuning kurso at iba pa.

Isa sa mga inobasyon sa larangan ng pagtuturo ay ang pinalatuntunang pagtuturo. Ito ay hindi bago at naging gamitin sa mga dalubhasaan at pamantasan sa Englatera at Amerika noong una pa. Ito ay nangangailangan ng pinalatuntunang kagamitan na tumutukoy sa serye ng mga aralin at kaalamang nasa kuwadrong pampagtuturo na isinaayos sa isang lohikal na pagkabuo. Maraming uri nito at hindi dapat ipagkamali na ito ay anyong paaklat lamang, serye ng "microfilm slide" "film trips" o "photographic slides."

Ang banghay sa pagtuturo ay isa pang uri ng kagamitang pampagtuturo. Ito ay para sa isang pagtuturo na matagumpay, mabisa, matipid sa panahon at sa lakas ng guro man at mag-aaral. Ang banghay ng pagtuturo ay isang balangkas ng mga layunin, paksang aralin, kagamitan at mga hakbang na sunod-sunod na isasagawa sa pagsasakatuparan ng layunin at ikapagtatamo ng mga inaasahang bunga. Ito ay isinusulat sa anyong pabalangkas at kalimitan ay may apat o limang bahagi.

Isa sa mga kagamitang pampagtuturo na nararapat ihanda bago isagawa ang aktuwal na pagtuturo o paghaharap ng guro sa klase ay ang silabus ng kurso. Ito ay isang balangkas

***

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

***

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume II, Issue I**
**August 2020**
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*
****************************************************************************************************
ng mga tunguhin ng kurso, mga layuning ninanais na matamo, mga inaasahang bunga, ang nilalaman at mga pagdulong at pamamaraang isasagawa sa pagtuturo, iba't ibang gawain sa pagkakatuto, ang paraan ng pagtataya at ang mga aklat sanggunian na gagamitin. Ito ay inihahanda na sa simula pa lamang. Ang mga bahagi ay nag-Iiba-iba dahil ito ay batay sa gumamit at naghahanda nito, sa uri ng kurso at iba pa. Mahala ito sa pagkakaroon ng mabuting balak sa aralin, nagiging sistematiko ang aralin at maiwasan ang pagtuturong padamput-dampot.

Ang kagamitang pampagtuturo ay isa sa mga pangunahing pangangailangan sa larangan ng edukasyon para sa madali, mabilis sa mabisang pagkatuto. Ito ay isang paraan at katugunan sa sama-samang suliranin ng edukasyon kung paano mapataas ang pamantayan ng pagtuturo, paano mapababa ang halaga ng edukasyon at paano malulunasan ang kakulangan ng guro at silid-aralan upang matanggap ang parami nang paraming mga mag-aaral sa paaralan.

Mula sa aklat ni Pructuso (1993) Ang Panitikang Filipino, Isang Pahapyaw na Kasaysayan, Anumang pagsisikap na mapili ang mga aralin na ituturo at anumang pagsisikap na ito ay mailalahad nang maayos, ang tagumpay ay batay pa rin sa kahandaang pangkaisipan at pandamdamin ng mga bata. Kapag ito ay hindi isinaalang-alang, ito ay hahantong sa mabagal na pagkatuto. Hindi rin makabubuti sa mag-aaral na napakadali ng kanilang pinag-aaralan. Ang mahirap na kagamitan ay nagiging hamon sa kakayahan ng mga mag-aaral ngunit kailangang may kadaliaan din upang matutuhan. Ang pagtatamo ng kasanayan ay dapat mangibabaw sa gawain. Higit na mabuti ang kaunting aralin na nagbibigay ng kasanayan kaysa sa wala.

Sa pagtataya ng kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral, mula sa DepEd order No. 31, ang limang *levels of proficiency*na Beginning, Developing, Approaching Proficiency, Proficient at Advanced ay basa sa numerical na marka na nakamit ng mga mag-aaral sa particular na markahan at sa huling markahan ng taong panuruan. Ang lebel na Beginning (B) ay ibibigay sa mga mag-aaral na mayroong numerical na marking 74 pababa; ang lebel na Developing (D) ay pra sa mga may marking 75 hanggang 79 na marka; Approaching Proficiency (AP) ay para sa mga mag-aaral na nakakuha ng 80-84 na marka; Proficient (P) naman sa mga may marking 85 hanggang 89; at ang huli ay Advanced (A) para sa may

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************

marking 90 pataas. Dinagdag ng Sekretarya ng Edukasyon na si Armin Luistro na ang pinaunlad na K+12 na programa ay nakapokus sa paghubog ng karakter na may layon na makapagprodyus ng henerasyon na mabuti, responsible at produktibo mamamayan.

Ang kagamitang pampagtuturo ay nagbibigay ng kongkretong pundasyon sa pagkatuto. Nagbubunga ito ng wastong gawi sa pag-aaral, nakagaganyak sa kawilihan ng mga mag-aaral, nagbibigay ng mga tunay at iba’t ibang kalagayan upang mapasigla ang pansariling gawain ng mga mag-aaral. Nag-aambag ng maraming karanasan tungo sa pagkakamit ng kasanayanan at pagkakaroon ng patuloy na interes sa pag-aaral. Higit na nagdudulot ng mabisa, kawili-wili, madali at maagang pagtuturo at pagkatuto, at ang mga walang kabuluhang kasagutan ng mga mag-aaral ay nababawasan. Nahahati sa apat na bahagi ang mga kagamitang tanaw-dinig. Ito ay tumutukoy sa mga bagay o kasangkapang may kinalaman sa paningin tulad ng pisara, bulitin bord, dayorama at mobil, o iyong may kinalaman sa pandinig tulad ng ponograps, o mga may kinalaman sa sabayang paggamit ng mga mata o tainga tulad ng telibisyon, video at pelikula. Ang ikalawang bahagi ay tungkol sa paglikha ng mga lunsaran sa paglalahad ng mga aralin sa Filipino tulad ng tula, kwento, anekdota, alamat, dula, balita, sanaysay, talumpati, komiks istrip, liham, pangulong tudling, talaarawan, talambuhay at anunsyo. Ang ikatlo ay tumutukoy naman sa paghahanda ng mga pagsasanay at pagsusulit sa wika at pagbasa.

Ayon kayni Ruedas, ang paglikha ng mga lunsaran sa paglalahad ng aralin ay isa ring paraan ng paglikha ng kagamitang pampagtuturo. Ang mga lunsaran ay magsisilbing pangganyak upang kalugdan ng mga mag-aaral. Magagawa ito sa pamamagitan ng paglikha ng mga lunsaran sa paglalahad ng aralin. Ang ilan sa mga lunsarang maaring likhain ng guro para sa paglalahad ng aralin sa Filipino o maging sa ibang asignatura man ay tula, kwento, anekdota, alamat, dula-dulaan, komik istrip, talumpati, sanaysay, balita, pangulong tudling, liham, talaarawan, talambuhay, anunsyo, panayam at marami pa.

**Mga Kaugnay na Pag-aaral**

Marami nang mga pag-aaral ang ginawa ukol sa paggamit ng workteks sa pagtuturo ng mga aralin.Kahit sa anumang pag-aaral, pananaliksik at aktwal na pag-aaral sa larangan ng edukasyon, makikita at masasaksihan ang kahalagahan ng workteks bilang kagamitang

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume II, Issue I**
**August 2020**
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*
*****************************************************************************************************
pampagtuturo. Ito ay may malaking ambag sa ikatatagumpay ng pagtuturo at pagkatuto tungo sa tiyak na adhikaing mapataas ang kalidad ng edukasyon.

Ang kagamitang pampagtuturo ay isa sa mga pangunahing pangangailangan sa larangan ng edukasyon para sa madali, mabilis at mabisang pagkatuto. Ito ay isang paraan at katugunan sa sama-samang suliranin ng eduksayon kung paano mapataas ang pamantayan ng pagtuturo, paano mapababa ang halaga ng edukasyon at paano malulunasan ang kakulangan ng guro at silid-aralan upang matangap ang parami nang paraming mga mag-aaral sa paaralan.

Ayon kay Delena (2001)Dagdag pa sa pagaaral na habang ang uri ng mga kagamitang pampagtuturo katulad ng mga batayang aklat ay may mahalagang bahagi para magiging epektibo ang pagtuturo. Isa sa kinikilalang pinakaseryosong suliranin ng mga guro sa Dagupan City ay ang kakulangan ng mga kagamitang panpagtuturo sa Filipino.

Marami ang mga pagaaral na nagpapatunay sa kahalagahan ng kagamitang pampagtuturo sa mabisang pagkatuto dahil ito ay talagang may malaking epekto sa edukasyon at kaunlaran ng bansa.

Sa kabuuan, ang nailahad na babasahanin, literature, pag-aaral at mga pananaliksik ay higit na nakatulong sa paglilinaw ng mga hakbang, paraan at pamamaraang isinaalang-alang sa ginawang pag-aaral. Ang pagtataya sa kabisaan ng Paggamit ng Workteks sa pagtuturo ng nobela.

Ang pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa pag-aaral na ginawa ni Dr. Lourdes B. Gama (2000). Ang kanyang pag-aaral ay tungkol sa mungkahing mga kagamitang panturo sa Filipino 201 (Mabisang Pagpapahayag) Ito'y kanyang pinamagatang 'Isang Mungkahing mga kagamitang panturo sa pagtuturo ng Mabisang Pagpapahayag sa Kolehiyo.

Ang mungkahing mga kagamitang panturong ito ay inihanda niya para sa mga mag-aaral sa ikalawang taon sa Teacher Education curriculum sa Cagayan State University.

Ang nilalaman ng silabus ay ayon sa iminumungkahing paksa sa gawain sa talatanungan. Ang mga kagamitan sa pagtuturo ay binubuo ng mga akdang nasa anyong patula at tuluyan na naglalalman ng lumang pagpapahalaga, pangkaasalan, panlipunan ,
*****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
*****************************************************************************************************

pangkabuhayan, pansibiko at pangkaluluwa. Ang mga akda na kasali sa kagamitang panturo ay binubuo sa tiyak na pormat.

Ayon kay Inalvez (2000) ang anumang suliranin o kahirapang naging sagabal sa mabilis na pagkatuto at pag unlad ng mag-aaral ay kailangang matuklasan ng guro. Sinikap na malunasan , lubusan man o hindi ang mga kahirapang ito, lao na sa paggamit ng wika, upang hindi na magiging sagabal ang wika sa pagpapahayag ng karunungan sa matalinong talakayan na siya ring ginawa sa p ag-aaaral na ito.

Ayon kay Javier (2001), patuloy sa napakabilis na pagbabago ang daigdig sa pagsulong ng agham at teknolohiya. Mangyari pang ang tungkulin ng guro ay mabilis ding magbago. Ngayon ay mapapansing na di lamang nauukol ang mga tungkulin ng mga guro sa mga gawain sa loob ng apat na sulok ng silid-aralan o sa paaralan, manapa ay gumaganap siya ng tungkulin at gawain na nauugnay sa ibat ibang suliranin at pangangailangan ng pamayanan naroon siya upang mamuno o mangasiwa kaya sa proyekto sa Luntiang Himagsikang Operasyong linis, “Continuing education” at iba pa ito ang mga pangyayaring ( hindi maintindihan) o paminsan minsan lamang na kaugnay ang guro at mga mag-aaral dahil dito na gihit na paglikha ng mga kagamitan sa pagtuturo ay lubhang kailangan samakatuwid , kailangang maihanda ng guro ang kanyang sarili bilang gurong palaaral, makabago at malikhain na nakadarama na ang pagtuturo ay isang misyon kung hangad niyang matuto mabuti ang mga batang nasa kanyang tangkilik.

| **Ang mga gawain sa workteks ay...** | **Mean** | **SD** | **Inter pretasyon** | **Mean** | **SD** | **Inter Pretasyon** |
| 1 lumilinang sa pagkamalikhain at pagpapahalaga sa gawain. | 4.80 | .42 | LS | 4.79 | .41 | LS |
| 2.nakadaragdag ng tiwala sasarili ng mga mag-aaral. | 4.70 | .48 | LS | 4.73 | .50 | LS |
| 3. nakahihikayat sa mga mag-aaral na magsiyasat ng sariling kahusayan at makatuklas ng sariling talento. | 4.80 | .42 | LS | 4.71 | .53 | LS |
| 4. nakapagpapanatili ng interes o kawilihan ng mga mag-aaral sa asignatura. | 5.00 | .00 | LS | 4.81 | .39 | LS |
| 5. nakatutulong sa paghubog ng indibidwal na pangarap at pagpapahalaga sa pananampalataya, pakikipag-kapwa tao at pagmamahal sa bayan. | 4.80 | .42 | LS | 4.78 | .42 | LS |
| Kabuuan | 4.82 | .15 | LS | 4.76 | .20 | LS |

**PANANDA:**4.21-5.0 Lubos na sumasang-ayon (LS)**,** 3.41-4.20 Sumasang-ayon (S)**,** 2.61-3.40 Bahagyang Sumasang-ayon (BS)**,** 1.81-2.60 Di-Sumasang-ayon (DS)**,** 1.0-1.80 Lubos na Di-Sumasang-ayon (LDS)

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************

Matutunghayan sa talahanayan 9 ang mga naging resulta ng ebalwasyon ng mga guro at mag-aaral sa kabisaan ng workteks ayon sa gawain. Makikita na sa limang indikeytor, ang may pinakamataas na mean na 5 sa mga guro at 4.18 sa mga mag-aaral na tagasagot ay ang indikeytor 5 na ang mga gawain sa workteks ay nakatutulong sa paghubog ng indibidwal na pangarap at pagpapahalaga sa pananampalataya, pakikipag-kapwa tao at pagmamahal sa bayan.

Ibig sabihin, lubos na sinasang-ayunan ng mga tagasagot na ang mga gawaing nakapaloob sa bawat piling kabanata ng Noli Me Tangere ay nakapupukaw ng interes ng mga mag-aaral.

Sa kabilang dako, ang indikeytor na may pinakamababang mean sa mga gurong tagasagot ay ang indikeytor 2 na ang gawain sa workteks ay nakadaragdag ng tiwala sa sarili ng mga mag-aaral na nagtamo ng mean na 4.70 at sa mga mag-aaral naman ang indikeytor 3 na ang gawain sa workteks ay nakahihikayat sa mga mag-aaral na magsiyasat ng sariling kahusayan at makatuklas ng sariling talent na nagkaroon ng mean na 4.71.

Ang lahat ng indikeytor na may kabuuang mean na 4.82 sa mga guro at 4.76 sa mga mag-aaral ay pawang may interpretasyon na "Lubos na Sumasang-ayon". Nangangahulugan ito na mabisa ang mga gawaing nakapaloob sa mga tinalakay na piling kabanata ng Noli Me Tangere.

Batay sa kinalabasan ng resulta ng pag-eebalweyt sa workteks ng mga guro at mag-aaral na tagasagot sa kasaklawan at kabisaan ng workteks ayon sa gawain, dapat iangkop ng guro sa pangangailangan at interes ng kanyang tinuturuan. Mahalaga ang mga gawaingiuugnay sa aralin at layunin ng pag-aaral.

**Ebalwasyon ng mga Guro at Mag-aaral sa Workteks (Pagtataya)**

Ang talahanayang 10 ay nagpapakita ng pagsusuri ng katumbas na mean at hanay para sa paghahambing ng mga guro at mag-aaral na tagasagot sa pageebalweyt ng kasaklawan at kabisaan ng workteks ayon sa pagtataya. Sa mga indikeytor na nakapaloob sa pagtataya, malinaw na ipinakikita ng mga datos na mas mataas ang kabuuang weighted mean na 4.86 para sa ebalwasyon sa workteks ng mga gurong tagasagot. Kumpara sa 4.79 na kabuuang mean nang isinagawang ebalwasyon ng mga mag-aaral. Ang kabuuang mean

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume II, Issue I
August 2020
Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com

at lahat ng indikeytor ay may interpretasyon na "Lubos na Sumasang-ayon". Nangangahulugan ito na mabisa at katanggap-tanggap ang pagtataya sa binuong kagamitang pampagtuturo.

**Talahanayan 10. Ebalwasyon ng mga Guro at Mag-aaral sa Workteks (Pagtataya)**

| Indikeytors | Guro | | | Mag-aaral | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Ang mga pagtataya sa workteks ay... | Mean | SD | Inter Pretasyon | Mean | SD | Inter Pretasyon |
| 1. nakabatay sa antas o kakayahan ng mga mag-aaral. | 4.70 | .48 | LS | 4.85 | .36 | LS |
| 2. angkop sa layunin batay sa kasanayang pampagkatuto. | 5.00 | .00 | LS | 4.75 | .44 | LS |
| 3.nakapanghihimok sa mga mag-aaral na magkaroon ng lohikal at kritikal na kaisipan | 4.70 | .48 | LS | 4.86 | .35 | LS |
| 4. malinaw at hindi nakalilito sa mga mag-aaral. | 5.00 | .00 | LS | 4.81 | .39 | LS |
| 5. nagsisilbing refleksiyon sa pananampalataya, pakikipag-kapwa tao at pagmamahal sa bayan. | 4.90 | .32 | LS | 4.66 | .48 | LS |
| **Kabuuan** | **4.86** | **.16** | **LS** | **4.79** | **.18** | **LS** |

**PANANDA:** 4.21-5.0 Lubos na sumasang-ayon (LS)**,** 3.41-4.20 Sumasang-ayon (S)**,** 2.61-3.40 Bahagyang Sumasang-ayon (BS)**,** 1.81-2.60 Di-Sumasang-ayon (DS)**,** 1.0-1.80 Lubos na Di-Sumasang-ayon (LDS)

Sa ebalwasyon, ng mga guro, ang indikeytor 2. Ang pagtataya sa workteks ay angkop sa layunin batay sa kasanayang pampagkatuto ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 5.0 at ang may pinakamababang mean naman ay ang indikeytor 1 na Ang pagtataya sa workteks ay nakabatay sa antas o kakayahan ng mga mag-aaral at ang indikeytor 3 na ang

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

workteks ay nakapanghihimok sa mga mag-aaral na magkaroon ng lohikal at kritikal na kaisipan.

Sa kabilang dako, ang ebalwasyon ng mga mag-aaral ay may resulta na kung saan ang indikeytor 3 na ang pagtataya sa workteks ay nakapanghihimok sa mga mag-aaral na magkaroon ng lohikal at kritikal na kaisipan ay nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.86 at ang indikeytor 5 na ang pagtataya sa workteks ay nagsisilbing refleksiyon sa pagpapahalaga sa pananampalataya, pakikipag-kapwa tao at pagmamahal sa bayan ay nakakuha ng pinakamababang mean na 4.66.

Batay sa kinalabasan ng resulta ng pag-eebalweyt sa workteks ng mga guro at mag-aaral na tagasagot sa kabisaan nito ayon sa pagtataya, masasabing ang mga pagtataya sa workteks ay mabisa at katanggap-tanggap at ito ay humihikayat sa mga mag-aaral na makiisa sa matalinong talakayan. Ayon sa pag-aaral ni Lardizabal na katulad sa kasalukuyang pag-aaral na ang mga pantulong na biswal ay kinikilalang kaakibat ng mga pantulong na biswal ang pinakaelemento sapagkat ito ay magpapagunita at magbibigay bisa sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral na magsasaliksik at magpalawak ng kani-kanilang pag-aaral. Isa pang maiuugnay rito ay ang sinabi ni Transona ayon sa kanya, walang kagamitang panturo ang maipapalit sa isang mabuting titser ngunit isang katotohanang hindi maitatanggi na ang isang mabuting titser ay gumagamit ng mga kagamitang pampagtuturo na makatutulong tungo sa mabisang pagkatuto ng mga estudyante.

**Buod ng Ebalwasyon ng mga Guro at Mag-aaral sa Workteks**

Ang talahanayang ito ay nagpapakita ng pangkahalatang ebalwasyon ng mga tagasagot sa pagiging mabisa ng workteks sa mga piling kabanata ng Noli Me Tangere. Matutunghanayan na lahat ng indikeytor sa pagtataya ng workteks ay nakakuha ng lubos na pagsang-ayon mula sa mga guro at mag-aaral na tagasagot na mayroong kabuuang mean na 4.86 at 4.77.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume II, Issue I**
**August 2020**
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*
*****************************************************************************************************

**Talahanayan 11. Buod ng Ebalwasyon ng mga Guro at Mag-aaral sa Workteks**

| Indikeytors | Guro | | | Mag-aaral | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Paggamit** | **Mean** | **SD** | **Inter Pretasyon** | **Mean** | **SD** | **Inter Pretasyon** |
| Layunin | 4.90 | .14 | LS | 4.77 | .18 | LS |
| Nilalaman | 4.84 | .21 | LS | 4.74 | .19 | LS |
| Gawain | 4.82 | .15 | LS | 4.76 | .20 | LS |
| Pagtataya | 4.86 | .16 | LS | 4.79 | .18 | LS |
| Kabuuan | 4.86 | LS.17 | LS | 4.77 | .19 | LS |

**PANANDA:**4.21-5.0 Lubos na sumasang-ayon (LS)**,**3.41-4.20 Sumasang-ayon (S)**,** 2.61-3.40 Bahagyang Sumasang-ayon(BS)**,** 1.81-2.60 Di-Sumasang-ayon (DS)**,** 1.0-1.80 Lubos na Di-Sumasang-ayon (LDS)

Ang lubhang matataas na kabuuang mean sa bawat isang pamantayan na kinabibilangan ng layunin, nilalaman, gawain at pagtataya ay nangangahulugan na ang binuong workteks sa mga piling kabanata ng Noli Me Tangere ay lubos na tinanggap ng mga tagasagot bilang isang mabisang kagamitan sa pagtuturo.Nagpapahiwatig din ito na natugunan ng nasabing workteks ang mga kinakailangan sa paglinang ng iba't-ibang kasanayang pampagkatuto ayon sa kompetensi ng mga mag-aaral sa ika-apat na markahan. Ang bawat aralin sa mga piling kabanata ay kinakitaan ng ispesipikong layunin na lumilinang sa pagpapahalaga sa pananampalataya, mabuting pakikipag-kapuwa tao at pagmamahal sa bayan na mahalagang maikintal sa mga mag-aaral. Masusing pinili ang mga kabanata na nagtataglay ng litaw na pagpapahayag ng pagpapahalaga sa pananampalataya, mabuting pakikipag-kapwa tao at pagmamahal sa bayan upang mas higit na mabigyang pansin ang kalinangan sa pagkatao at pag-uugali ng mga mag-aaral. May hangarin na maging matagumpay sa pagtuturo at makita ang pagkatuto ng mga mag-aaral, kailangan na ang guro ay matutong ibagay ang tamang gawain sa isang mag-aaral ayon sa kanyang interes, abilidad at kapasidad ng kanyang kakayahan o kaalaman.

*****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
*****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume II, Issue I
August 2020
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*

Bagama't ang workteks na inihanda at ginawa ng guro ay naglalaman ng makabuluhang mga gawaing angkop sa iba't ibang level ng kakayahan, nakatuon sa konseptong maisasagawa ng mga mag-aaral at nakatuon sa paglinang ng pagpapahalaga sa pananampalataya, pakikipag-kapwa tao at pagmamahal sa bayan, makikitang nais pa rin ng mga tagasagot na magbigay ang guro ng higit pang gawain para sa inidibidwal na pagkakaiba ng mga mag-aaral na mas makatutulong sa paghubog ng indibidwalidad ng mga ito.Siniguro pa rin ng guro namaging kawili-wili ang pag-aaral upang mahikayat ang mga mag-aaral na magsiyasat ng sariling kahusayan na mas lumilinang sa kanilang pagiging malikhain. Ayon kina Rothwell at Kazanas (2008) maging ang teknolohiya ay nakasulat o nakatuon sa elektronikong paghahanda ng balangkas sa pagsasagawa ng pananaliksik pagsisiyasat sa mga naunang kagamitang panturo, pagsasagawa at pagmomodipika ng kasulukuyang kagamitan at pagpili at paghahanda ng mga gawain sa pagkatuto.

Ang mga mapanghikayat nagawaing makabago at naaaayon sa modernisasyon na mayroong paksang nakabatay sa mga isyung panlipunan sa kasalukuyan ay higit na binigyang pansin. Maiuugnay ito sa sinabi ni Heinich (2003) naang kagamitang panturo ay tumutulong para sa mag-aaral na isipin at intindihin ang impormasyon na ipinapakita. Sinabi niya na ang kagamitang pampag-aaral sa paraan ng panonood, musika, o parehas ay malaking dagdag sa sariling kakayahaan ng mag-aaral na maalala kung ano ang napag-aralan nila.

Mula sa mga gawaing kinawiwilihan ng mga mag-aaral sa workteks, naging aktibo sila at nagging mapanuri at mapagisip kung kaya't tumaas ang performans level ng mga ito sa ginawang pagtataya. Sinabi nga nina Kemp, Morrisson, at Ross (2002) ang may akda ng aklat na pinamagatang "The Design and Production of Self-Instructional Materials" na ang paglalarawan sa sariling kagamitang panturo gaya ng gisingin ang interes; isinulat sa mga mag-aaral; nagbibigay ng takdang oras para sa pag-aaral; dinisenyo para sa partikular na gamit; palaging maglaan ng layunin at hantungan; pangunahing diin sa pansariling assessment; kahandaan sa ilang mga kahirapan; palaging maglaan ng buod; sariling istilo; ayusin ang nilalaman maging bukas sa pagsusuri; ang mga mag-aaral ay nakapaglalaan ng iba't ibang kasanayan; kailangan ay maging alisto sa ginagawa; ay pakay sa magaling at magaan na pagtuturo.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume II, Issue I**
**August 2020**
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*
****************************************************************************************************

Binigyang pansin di lamang ang mismong nilalaman ng kabanata kundi ang pagkakaugnay ng pangyayari nito sa kasalukuyan na nakapaloob sa workteks upang ang *21$^{st}$ century* na mag-aaral ay di mawala ang interes sa pag-aaral ng nobela. Ang mga nilalaman, layunin, gawain at pagtataya ay iniangkop sa level ng ika-9 na baitang ng sa ganun ay hindi mahirapan ang mga mag-aaral sa pagtanggap sa kasanayang pampagkatuto na kinakailangang matutunan pagkatapos pag-aralan upang maging handa sila sa susunod na taon na pag-aaral sa karugtong ng nobela na El Filibusterismo. Ang resulta ay sinusuportahan ng pahayag ni Michaelis, na ang kahalagahan ng paggamit sa mga kagamitang instruksyonal sa pagtuturo ng Filipino ay hindi magiging gaanong makabuluhan kung kulang ang "Learning Environment" ng mga kagamitang instruksyonal. Nagbigay din siya ng ilang mungkahi tungkol sa pagpili ng kagamitang pampagtuturo at ito ay binigyan ng pagpapahalaga ng mananaliksik sa pagbuo ng mga aralin na gingamit sa pag-aaral na ito. Ang mga ito ay ang mga sumusunod; naangkop sa layunin; maayos na pagkakasunod-sunod ng mga aralin; pagbibigay ng konsiderasyon sa pangangailangan, interes, at kahandaan ng mga mag-aaral; at kaugnay ang mga aralin ng sariling karanasan ng mga mag-aaral.Ang sistema ng edukasyon ay patuloy na tumutuklas ng mabisang pamamaraan at istratehiya sa pagtuturo upang makiayon sa modernisasyon, kinakailangan ring maging progresibo ang kagamitang pampagtuturo upang di mawala, manatili at di makalimutan ng mga kabataang tinuturing ni Rizal na pag-asa ng bayan ang mga gintong aral na pagmamahal sa bayan, mabuting pakikipag-kapwa tao at pagmamahal sa bayan na matututuna sa kanyang mga nobela.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************

**BAHAGI III –** Makabuluhang Pagkakaiba sa Performans Level ng Tagasagot sa Isinagawang Pre-test at Post-test at Makabuluhang Pagkakaiba ng Pananaw ng mga Guro at Mag-aaral na Tagasagot sa Ebalwasyon ng Workteks

**Talahanayan 12. Makabuluhang Pagkakaiba sa Performans Level ng mga Mag-aaral sa Pre-test at Post-test**

| Pagsusulit | Mean | SD | Mean Difference | t-value | p-value | 95% CI | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | LB | UB |
| Pre-test | 10.5 | 4.09 | 23.7 | 33.4 | .000 | -25.09 | -22.36 |
| Post-test | 34.1 | 7.48 | | | | | |

SD – Standard Deviation;,p< .05 – May Makabuluhang Pagkakaiba, p> .05 – Walang Makabuluhang Pagkakaiba, LB – Lower Bound, UP – Uper Bound

Para sa makabuluhang pagkakaiba, ginamit ang t-test sa pagkuha ng resulta. Ang kabuuang mean score sa pre-test ay 10.5, samantalang ang kabuuang mean score sa post-test ay 34.1 na may mean difference na 23.7. sa kabilang dako, ito ay nagtamo ng t-value na 33.4 at p-value na .000 kung kaya't ang haypotesis sa pag-aaral na ito ay di-tinanggap na nagsasabing may makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga mag-aaral sa isinagawang pre-test at post-test. Ito ay nagpapatunay pa rin na naging mabisa ang paggamit ng inihanda at ginawang workteks ng guro bilang kagamitang pampagkatuto para sa ikauunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng nobela. Maiiugnay dito ang panuto ni Kelly na ang kasangkapan para sa pagkatuto sa pagsasama-sama ng mga klase na kung saan ay punan ang lahat ng kailangan para sa kaantasan ng pagkaunawa. Ang presensya ng mga mahirap makaintindi ay kasama sa klase na hindi maitatangi.Gayunman, ang pinakamabisang paraan para punan ang pangangailangan ay malinang ang kagamitang panturo na nasa antas ng kanilang pagkaunawa. Isa pang maiuugnay rito ay ang sinabi ni Panambo, ayon sa kanya, ang pagkatuto ay ang pinaka mahalagang proseso sa pagtuturo at pagaaral. Ang pagkatuto ng mga estudyante ay nakasalalay sa mabuting paraan ng

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

pagtuturo ng isang guro. Ang guro ang nagbabalak at nag papasya sa pamaraang kaniyang gagamitin na angkop sa bunga ng pagkatuto na nais makamtam ng mga estudyante at gayundin sa uri ng paksang-aralin at asignatura na kanyang ituturo.

Mula sa kabuuang resulta ng marka sa pre-test at post-test, napatunayan na ang pagpapaunlad ng kagamitang panturo ay nakatulong para mas mapataas ang kalidad ng pagtuturo at magkaroon ng pagkatuto ang mga mag-aaral. Kaugnay ng paghahanda ng maayos na kagamitang pampagtuturo ay ang kahusayan ng guro sa pagpili ng mga estratehiya o paraan na gagamitin sa loob ng klase upang mas maging kawili-wili sa mga mag-aaral ang kanilang aralin. Ang paraan ng mabilis na pagkatuto na nakakatulong sa pansariling pag-aaral at ang isang maayos na pangkat na gumagawa ay mabisa ring paraansa paglinang ng kasanayan at maging tagumpay ang pagkatuto ng isang mag-aaral.

**Talahanayan 13. Makabuluhang Pagkakaiba sa Ebalwasyon ng mga Mag-aaral at Gurong tagasagot sa Kabisaan ng Workteks**

| Pamantayan | Tagapagsagot | Mean | Mean Difference | t-value | p-value |
|---|---|---|---|---|---|
| Layunin | Guro | 4.90 | .128 | 2.31 | 0.36 |
| | Mag-aaral | 4.77 | | | |
| Nilalaman | Guro | 4.84 | .098 | 1.49 | .140 |
| | Mag-aaral | 4.74 | | | |
| Gawain | Guro | 4.82 | .058 | .872 | .386 |
| | Mag-aaral | 4.76 | | | |
| Pagtataya | Guro | 4.86 | .073 | 1.22 | .225 |
| | Mag-aaral | 4.79 | | | |

$p < .05$ – May Makabuluhang Pagkakaiba, $p > .05$ – Walang Makabuluhang Pagkakaiba

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************

****************************************************************************************************

Matutunghayan sa talahanayan 12 ang pagsusuri sa pamamagitan ng Independent Sample Test para sa makabuluhang pagkakaiba ng ebalwasyon ng mga guro at mag-aaral na tagasagot sa kabisaan ng workteks. Malinaw na ipinakikita ng mga datos sa talaan na walang makabuluhang pagkakaiba ang ebalwasyon ng guro at mag-aaral sa pamantayan ayon sa layunin na may t-value na 2.31 at p-value na 0.36, ayon sa *nilalaman*na may t-value na 1.49 at p-value na .140, at *gawain* na may t-value na .872 at p-value na .386*,* at *pagtataya* na may t-value na 1.22 at p-value na .225.

Sa naging resulta na walang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mag-aaral na nagsagawa ng ebalwasyon ay masasabing ang dalawang pangkat na tagasagot ay parehong nahikayat sa pagiging mabisa ng workteks. Ang mga guro ay mayroong malawak na kaalaman at karanasan sa paglinang ng kasanayan at taglay nila ang kapasidad na husgahan ang isang kagamitang pampagtuturo batay sa kabisaan ng layunin, nilalaman, gawain at pagtataya na nakapaloob sa workteks kung kaya ang mataataas na mean na nakuha ayon sa pamantayan ay patunay na katanggap ang nabuong workteks.

Batay naman sa kinalabasan ng eblawasyon ng mag-aaral, ang resulta ng mean ay di nalalayo sa mataas na resulta ng mean ng mga gurong tagasagot. Ibig sabihin, sa kabila ng pagiging bata ang mga mag-aaral na siyang pangunahing tagatanggap ng kurikulum sa silid aralan ay may mga pamantayan din batay sa kanilang pangangailangan, interes at mga gawaing pampagkatuto na pupukaw sa kanilang atensyon at kamalayan na pahalagahan ang isang akdang pampanitikan. Sa binuong workteks, napatunayan na nasiyahan ang mga mag-aaral na tagatanggap ng kurikulum. Kung ang guro ay hitik sa karanasan at kaalaman, ang mga mag-aaral naman ay sumasabay sa daloy ng modernong panahon at naghahanap ng mga kakaiba at mapanghamong gawain na huhubog at magpapahalaga sa kanilang pagkatao.

Sa paglalagom, walang naging makabuluhang pagkakaiba ang ebalwasyon ng mga guro at mag-aaral sa kabisaan ng workteks sapagkat natugunan ng workteks ang hinahanap ng mga tagasagot sa isang katanggap-tanggap na kagamitang pampagtuturo.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************

Maiuugnay ito sa aklat ni Victor , binigyan-diin niya ang kahalagahan ng kagamitan sa pagkatuto aniya, ang mga kagamitan panturo ay hindi paraan para makamit ang resulta subalit hindi rin ginagawang resulta o bunga ang mga ito. Kung sa layunin, kailangan itong piliin at idisenyo sa pagtatamo ng natatanging pangangailangan/layunin. Pangunahing layunin nito na tulungan ang kaisipan ng mga mag-aaral upang maunawaan ang mga tiyak na konsepto ng mga aralin.

## KABANATA V

## PAGLALAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang bahaging ito ng pananaliksik ay naglalahad ng paglalagom, mga natuklasang sagot sa mga suliranin ng pag-aaral at mga konklusyon at rekomendasyon.

### Paglalagom

Ang ginawang pag-aaral ay nakatuon sa ebalwasyon sa kabisaan ng workteks na binuo mula sa piling mga kabanata ng Noli Me Tangere para sa Filipino 9. Ginamit sa pag-aaral na ito ang descriptive na pamamaraan kung saan inilarawan ang mga proseso ng pananaliksik.

Ginamit ang pre-test upang malaman ang lebel ng performance ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang workteks kung saan ang pre-test ay may mean na 10.05 at ang post-test ay may mean na 34.1 at may mean difference na -23.7.

Ang nagsilbing tagasagot sa pag-aaral na ito ay ang sampong (10) guro ng Filipino sa Alaminos National High School at walumpong (80) mag-aaral na nasa ika-9 na baitang ng sekondarya. Sa pag-aaral na ito ay inihanap ng kasagutan ang mga sumusunod na tanong: Ano ang performans lebel ng mga tagasagot sa paggamit ng workteks batay sa pre-test at post-test? 2. Ano ang ebalwasyon ng mga guro at mag-aaral na tagasagot sa workteks batay sa sumusunod na pamantayan? Layunin, nilalaman, gawain at pagtataya 3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga tagasagot sa kanilang pre-test at post-test? 4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa ebalwasyon ng mga guro at mag-aaral na

*****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
*****************************************************************************************************

tagasagot sa workteks batay sa sumusunod na pamantayan?Layunin, nilalaman, gawain at pagtataya

Sa walumpong (80) mag-aaral na naging tagasagot lahat ay nakakuha ng marking 74-pababa sa ibinigay na pre-test at sila ay naklasipika sa lebel na "Beginning". Nagpakita ito na walang sapat na kaalaman ang mga mag-aaral sa tatalakaying aralin sa Noli Me Tangere sa ikaapat na markahan. Samantala, pagkatapos gamitin ang workteks, kapansin-pansin ang pagtaas ng marka ng mga tagasagot sa isinagawang post-test. Sa walumpong nakakuha ng 74 pababa sa pre-test, d23 o 28.7% ang nakakuha ng 90 pataas, 21 o 26.25 ang may marking 85-89, 13 o 16.25 ang may marking 74 pababa at 10 o 12.5% ang nakakuha ng marking 75-79.

Sa pamantayang layunin, ang workteks ay nagkaroon ng kabuuang mean na 4.90 para sa mga guro at 4.77 naman para sa mga mag-aaral. Sa pamantayan ayon sa nilalaman, ang kabuuang mean ng mga gurong tagasagot ay 4.84 at sa mga mag-aaral na tagasagot naman ay 4.74. Para sa pamantayang gawain, nakakuha ng kabuuang mean na 4.82 ang ebalwasyon ng guro at 4.76 naman sa mga mag-aaral. Sa pamantayang ayon sa pagtataya, ang ebalwasyon ng guro sa mga indikeytor ay nakakuha ng kabuuang mean na 4.86 at 4.79 naman para sa mga mag-aaral.

Sa ginamit na T-test para sa makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga mag-aaral, ang kabuuang mean score sa post-test ay 34.1. Sa kabilang dako, ito ay nagtamo ng computed t-value na 33.4 ay mas malaki sa 1.99 sa critical value kung kaya't ang haypotesis ay di-tinanggap at nagsasabing may makabuluhang pagkakaiba sa performans lebel ng mga mag-aaral na tagasagot sa pre-test at post-test.

Sa pagkakaiba ng resulta ng ebalwasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral na tagasagot, lumabas na walang makabuluhang pagkakaiba ang ginawang pag-eeblweyt ng mga mag-aaral at gurong tagasagot sa mga binaggit na pamantayan maliban sa layunin na kinakitaan ng makabuluhang pagkakaiba.

**Konklusyon**

Batay sa pagsusuring inilahad, nabuo ng mananaliksik ang sumusunod na mga konklusyon: una, ang hinuha na walang makabuluhang pagkakaiba ang performans ng mga tagasagot sa pre-test at post-test ay di tinatanggap. Pangalawa, ang hinuha na walang

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume II, Issue I
August 2020
*Available online at www.instabrightgazette.strikingly.com*

makabuluhang pagkakaiba ang ebalwasyon ng mga guro at mag-aaral na tagasagot sa workteks ay tinatanggap.

**Rekomendasyon**

Batay sa kinalabasan at konklusyon ng pag-aaral na ito, itinagubilin na isagawa ang mga sumusunod na mungkahi:

1. Sa administrasyon ng paaralan, iminumungkahi na hikayatin ang mga guro na gumawa ng mga kagamitang pampagkatuto tulad ng modyul o workteks hinggil sa mga kabanata ng Noli Me Tangere na akma sa interes at pangangailangan ng mga mag-aaral.
2. Para sa mga mag-aaral, iminumungkahi na bigyan ng pagpapahalaga ang pag-aaral ng nobela ni Rizal. Isabuhay ang gintong aral na pinamana ng ating bayani lalo na ang papahalaga sa pananampalataya, mabuting pakikipag-kapwa tao at pagpagpagmamahal sa bayan.
3. Para sa mga susunod na mananaliksik, ang workteks na ito ay imunumungkahi ng mananaliksik na baguhin, dagadagan, irebisa ng mga guro o sinumang gagamit nito ayon sa kalagayan ng panahon. Ang workteks na ito ay huwaran lamang. Gawing batayan ang resulta ng pag-aaral na ito upang makapagbuo ng mga mahuhusay na kagamitang pampagkatuto upang maibsan kung di man lubusang malunasan ang matagal ng problema maisabuhay ng mag-aaral ang mga gintong aral ng nobelang Noli Me Tangere.
4. Sa pangkalahatang mungkahi, ipinabatid ang pagwawasto ng ispeling at pagdaragdag ng mga interaktibong gawaing kaugnay sa kabanata at paksang aralin na magagamit para sa malayang gawaing pangkatan. Dahil sa limitasyon ng pag-aaral na ito, iminumungkahi rin ng mananaliksik ang pagkakaroon ng karagdagang pagsasaliksik ukol sa kagamitang panturo para sa ikauunlad pa ng pagtuturo ng Filipino.

## BIBLIOGRAFIYA

### Mga Aklat

Aquino, ClaudenciaV. (2000) Essentials of Research and Thesis Writing.Quezon City,

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

Phoenix Publishing House. Inc.

Aquino, Natalia (2008) Pagtuturong Pilipino sa mga Di-tagalog. Quezon City, Rex Printing Company, Inc.

Arrogante, Jose at.al, (2009) PinaunladnaPagbasa at Pagsulat, National Book Store Mandaluyong City

Arrogante, Jose A. et.al., (2004) SiningngKomunikasyonsaAkademikong Filipino, National Book Store, Mandaluyong City

Arrogante, Jose. (2000) Retorika sa MabisangPagpapahayag. Navotas Metro Manila; NavotasPress,

Aspillera, Vitaliano.(2005) Course of study of the Elementary Subjects. Manila, Abiva Publishing

Austero, Cecilia S. et.al, (2004) SiningngKomunikasyon: Teorya at Praktika, Pasong Tamo, Lungsodng Makati: Gold Publishing Palace

Avellino, Claudencio V. (2000). The PIE Instructional Model A Guide to Systematic Teaching Q. C. RM Garcia Publishing House

De Castro, Imelda Ph. D, (2010) KritikalnaPagbasa at AkademikongPagsulatTungo SaPananaliksik, UST Publishing House, Manila Philippines

Dinglasan, Resurrecion D. Ph. D., (2011) KomunikasyonsaAkademikong Filipino, Rex Book Store Philippines

Garcia, M. (2008) Focus in Teaching, Manila: Rex Bookstore

Griggs, S. A. & Dunn, R. S. (2004)Selected Case Studies of the Learning Styles Preferences of the Gifted & Student. Gifted Child Quarterly, 28/3, 115-119

Guamen, Pructousa C. et.al (2000). Tanging Gamit ng Filipino. Rex Bookstore.

Kell, Caroll at Paul R. Cortis. (2000). Fundamentals of Effective Group Communications. Mc Millan Publishing CO., Inc., New York.

Mirabueno, Assuncionet. al, (2007) Pagbasa at PagsulattungosaPananaliksik, Rex Book Store

Nunan, David. (1992) Research Methods In Language Learning. Cambridge University Press. United States of America.

****************************************************************************************************

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

****************************************************************************************************

Ornstein, Allan C. (2000) The Development and Evaluation of Curriculum Materials. National Association of Secondary School Principals

Parkay, Forrest W. (2000). Becoming a Teacher. Accepting the Challenge of aProfession 2nd ED Beverly HardcastleStandform A use Pacific University, Allyn and Bacon.

Rothwell and H.C. Kazanas (2008) Mastering the Instructional Design Process Jossey Bass Publisher, San Francisco

Salandanan, G. (2006) Curriculum Development System: A Handbook for School Practices in Basic Education (2nded.) Mandaluyong City: National Bookstore

Stufflebeam, Daniel et. al. (2000) Educational Evaluation and Decision Making Itasco, Illinois, Peacock Publishing.

Taylor, Richard. (2001) Understanding the Element of Literature.  New York; St.Martin's Press, Inc.

Richards, Jack C. and Rodgers Theodore S. (2001) Approaches and Methods in Language Teaching.Cambridge University Press. New York USA

Ruedas, P. (2001) PaghahandangKagamitangPampagtuturo. Manila: Rex Book Store,

Villanueva, M. (1985) A Comparative Study of the Methods Used in Teaching the FilipinoLanguage. Manila: Rex Book Store,

Tomlinson, Brian (1998) Developing Materials for Language Teaching. Cambridge University Press. New York USA

Tomlinson, Brian (2001) Developing Materials for Language Teaching. Cambridge University Press. New York USA

Tomlinson, Brian (2003) Developing Materials for Language Teaching. Cambridge University Press. New York USA

**Tesis/Disertasyon**

Conti, Baby Lyn J., (2011)Pagtanggap at PagkamabisangWorktextsaKomunikasyonsa Akademikong Filipino.Earist State College. Sta. Mesa, Manila

Faldas, Carillo-Anabelle, (2005) Ang Kabisaan ng Modyul sa Pagtturo ng retorikang Filipino na Pag-aaral, EARIST Sta. Mesa Manila

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************

Gabayoyo, Adora P.,(2011) Kahantaransa Mass Media at KasanayansaWikangFilipino ngmga Mag-aaralsaika-animnabaitang

Gerarde, Jocelyn G. (2001) "MungkahingKagamitangPanturosaPag-aaral ng Wika Para saIkaapatnaBaitang (di-nailathalangtesis, Central Mindanao University)

Guillamao, I. M. (2000) "MgaSuliranin ng mgaGurosaPagtuturo ng Pilipino Bahagi ng PatakarangBilinggualsaPurok ng SilangangDansalan, Sangay ng TinagDabao, (di-nailathalangtesis, Atene de Davao),

Lucero, Cornelia P., (2007)KasanayansaPagbasangmga Mag-aaralngunagtaonAntas sa Sekondaryang Siena College, Taytay

Wieman, Perkins C., et.al.,(2008)Modifying& Validation for the Colorado Learning Attitudes about Science Survey for use in Chemistry Publication: Division of Chemical Education of the American Chemical Society: Subscription Department

Ymata, Letecia V.,(2003) Paghahandangmga Gawain nalilinangsamgaKasanayansa MapanuringPag-iisipsaPagbasang Mag-aaralsaKolehiyo

**Di LimbagnaTesis/Disertasyon**

Baccud, V. (1993)Identification of Problem in Teaching Filipino in Public Secondary Schools inthe Division of Isabela, Di-nailathalangTesis, Manila: Jose Abad Santos Educational Institution.

Caballo, Bernard G.(2006) mga modyul: karagdagang Babasahing Pampanitikan para sa ikaapat na taon ng sekundarya ikalawang markahan

Nunan, David (2001) Language Teaching Methodology Focused on the Learners Literacy Styles & Strategies.Campbridge University (Unpublished)

Padolina, Raquilyn C.(2005) Faculty Characteristics and Motivation Factors in the College of Arts and Science SLSU Lucban, Quezon

Strom, Ofelia B., (2001) "The Teaching of Pilipino in the Public Elementary School in the City of Tagbilaran: It's practice & problems (unpublished Master's Thesis, Rafael Palma College, Tagbiliran City)

Villanueva, Eva N. (2011) "MagkakaugnaynaBaryabol at Kakayahanngmga mag-aaral sa National Achievement Test (NAT) saAsignaturang Filipino ng St. Thomas Academy taongPanuruan 2009-2010 (Di limbag natesissa LSPU, SPC Campus)

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************

Santos, de los Reyes C. (1993) Proposed Course of Study in Teaching Filipino in the First YearCollege in Non-Tagalog Areas, Di-nailathalaangTesis. Lungsodng Iloilo: Pamantasan Estado saKanlurangBisaya.

Querubin, William, A.(1996). Teacher Made Module for Students in the Secondary School. Di-nailathalangdisertasyon.Lungsodng Iloilo: Pamantasang Estado saKanlurangBisaya.

**Peryodiko / Dyornal**

Guthrie, Corazon, (2000), "Improving Parental Role in Education". Philippine Journal of Education

Freedman, Morris, (2000). Need For Full-Time Audio Visual. Specialist in Every School, "Audiovisual Instruction".

H. Block. (1993). "Mastery Learning in Classroom Instruction" Todays Education.

Lardizabal, A. (2000). "A Clearing House of Ideas", The FAFTE NCR Chapter Comference Workshop.

Prossner, J., (2000). Cognitive Analysis of Physics Textbooks at the Tertiary Level, Science Education, Vol. XLIII, No. 5.

Reiff Judith C. (2002). " Use of Modules in College Teaching", American Institute in Science Technological Education, Vol. VI.

**Internet**

http://www.deped.gov.ph/orders/do-6-s-1995

https://angtagapagmulat.wordpress.com/2013/06/19/ang-batas-rizal-ra-1425/

http://www.teacherph.com/deped-core-values-indicators-concrete-manifestation/

http://www.gmanetwork.com/news/opinion/content/569896/rizal-law-60-anyare/story/

http://www.filipiknow.com

http://FAQ.ph

http://academiaedu.ph

http://www.google.com

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Custodio, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro,
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************